
Al-Ashr (Ang Sampu)

Labintatlong aralin para sa sampung araw ng Dhul-Hijjah at mga araw ng Tashriq



Inihanda ni

Propesor Dr. Faisal bin ‘Abdur-Rahman bin Sa’d Ash-Shadi

Propesor ng Fiqh at Pampamahalaang Patakarang Shari’ah sa Prince Sattam bin ‘Abdul-‘Aziz University

Nawa’y patawarin siya ng Allah, ang kanyang mga magulang, at ang lahat ng mga Muslim.

Al-Ashr (Ang Sampu)

Labintatlong aralin para sa sampung araw ng Dhul-Hijjah at mga araw ng Tashriq

Al-Ashr (Ang Sampu)

Labintatlong aralin hinggil sa sampung araw ng Dhul-Hijjah at mga araw ng Tashriq

Inihanda ni

Propesor Dr. Faisal bin ‘Abdur-Rahman bin Sa’d Ash-Shadi

Propesor ng Fiqh at Pampamahalaang Patakarang Shari’ah sa Prince Sattam bin ‘Abdul-‘Aziz University

Nawa’y patawarin siya ng Allah, ang kanyang mga magulang, at ang lahat ng mga Muslim.

Panimula

Papuri ay sa Allah na walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya, at wala kaming Panginoon bukod sa Kanya. Ang tunay na nalulugod ay ang sinumang Kanyang kinalugdan, at ang kapus-palad ay ang lumihis sa Kanyang patnubay. At ako ay nagpapadala ng ganap at lubos na pagpapala at kapayapaan sa ipinadalang awa at ipinagkaloob na biyaya, ang aming Propeta Muhammad bin Abdullah. O Allah, pagpalain Mo siya at bigyan ng kapayapaan, at gayundin ang sinumang sumunod at nagmahal sa kanya. At pagkatapos:

Tunay na ang unang sampung araw ng Dhul-Hijjah ay dinakila ng Allah, at ang minamahal (na propeta) ﷺ ay mas naging masipag sa paggawa (ng kabutihan) sa mga ito. Kaya ang sampung ito ay panahon ng mga masunurin, at itinakdang yugto ng mga sumasamba at taimtim na sumusunod. Para sa kanila, naroon ang paggunita (sa Allah) at pagtakbir, at pagpapakita ng mga simbolo ng Islam at pagdakila sa Kataas-taasang Dakila.

O kay ganda ng sampung ito bilang isang paaralan ng mga pagsamba, at isang pamantasan ng mga kabutihan; totoong nagtagumpay rito ang sinumang lumapit upang mapalapit sa Panginoon ng mga nilalang.

Labintatlong aralin hinggil sa sampu at mga araw ng Tashriq, na naglalaman ng mga asal, mga paalaala, at mga batas nang may katiyakan. Sinikap kong tuklasin dito ang pangangailangan ng mga Muslim at ang makabubuti sa kanila sa paglalakbay tungo sa Panginoon ng sanlibutan, at ako ay nakinabang sa mga isinulat ng mga naunang iskolar hinggil sa mga aralin ng (unang) sampung araw.

Pinangalanan ko itong *Ang Sampu*, sapagkat ang nilalaman nito ay higit na umiikot sa sampung araw ng Dhul-Hijjah. Nawa'y mag-iwan ito ng bakas sa mga pusong dalisay at maging daan sa higit na paglapit sa Allah—Luwalhati sa Kanya, ang Kataas-taasan. At ako'y umaasa sa Kanyang dakilang gantimpala at saganang biyaya.

Sa (Ang Sampu), pinaikli ko ang aking layunin, at pinagsama ko rito ang mga talata at mga hadith ayon sa aking kakayahan. Kaya narito ito, o mahal na mambabasa, nasa iyong mga kamay at nasa harap ng iyong mga mata. Ang zakah nito ay ang pagbasa nito sa mga masjid, mga pagtitipon, at mga paaralan—upang mapasigla rito ang pag-alaala sa Allah at mapag-aralan dito ang Aklat ng Allah. Isulat nawa ng Allah ang gantimpala para sa sinumang magpapasigla sa mga masjid, pagtitipon, at paaralang iyon sa pamamagitan nito, at gawin Mo, O Panginoon, na siya ay kabilang sa mga makakabahagi sa gantimpala. Kaya O Allah, gawin Mo ito na kabilang sa mga nananatiling mababuting gawa na dakila ang nakaipong gantimpala. Kaawaan nawa ng Allah ang sinumang nagbigay sa akin ng paalala, nagpahayag ng paglilinaw at pagbibigay-diin, at nagbigay ng tapat na gabay.

Ang biyaya ay sa Allah lamang—Luwalhati sa Kanya—at ang pagkakamali ay mula sa sarili at sa Shaytan.

Kaya O Allah, gisingin Mo kami sa pamamagitan ng paalala, at gawin Mo kaming kabilang sa mga mababuti; tunay na Ikaw ang karapat-dapat na katakutan at may karapatang magpatawad.

Ang inyong kapatid/ Faisal bin 'Abdur-Rahman bin Sa'd Ash-Shadi

Gabi ng Linggo, 24/10/1447H na tumutugma sa 12/4/2026M
Sa Lalawigan ng Al-Kharj sa Kaharian ng Saudi Arabia

Email: alshdi3@gmail.com

Ang Sampu (Unang mga Araw ng Dhul-Hijjah)

Unang Aralin: Mga Kabutihan ng Sampu

Ikalawang Aralin: Mga Mababuting Gawa sa Sampu

Ikatlong Aralin: Pag-alaala (sa Allah) at Takbīr

Ikaapat na Aralin: Ang Obligasyon ng Hajj at ang Paraan Nito

Ikalimang Aralin: Sunnah ng Pag-aalay (Udhiyah)

Ikaanim na Aralin: Mga Batas ng Pag-aalay (1)

Ikapitong Aralin: Mga Batas ng Pag-aalay (2)

Ikawalong Aralin: Pag-aayuno at Panalangin sa Araw ng ‘Arafah

Ikasiyam na Aralin: Eid al-Adha

Ikasampung Aralin: Araw ng Eid, Araw ng Pakikipag-ugnayan

Ikalabing-isang Aralin: Mga Araw ng Tashriq

Ikalabing-dalawang Aralin: Paaralan ng Hajj

Ikalabintatlong Aralin: Surah Al-Hajj

Unang Aralin: Mga Kabutihan ng Sampu

Sa Allah ang papuri, at Siya ang Pinakadakila; ang Kanyang mga kaloob ay sagana, at ang Kanyang mga biyaya ay hayag. At ang pagpapala at kapayapaan ay nawa'y mapasakanya—sa dalisay at pinadalisay—ang ating Propeta Muhammad ibn Abdullah, gayundin sa kanyang mga kasamahan at mga tagasunod na mararangal at maningning. At pagkatapos:

Sa buwan ng Dhul-Hijjah, napapaloob ang unang sampung araw—ipinagkaloob ito ng Mapagbigay na Hari, Luwalhati sa Kanya, at higit Siyang nagbigay; at pinagpala Niya tayo kaya't lalo pang nagpasagana. Dumating na ang dakilang panahon—ito ang sampung araw ng Dhul-Hijjah: sampu sa bilang, ngunit higit sa sandaang ulit ang halaga at kabutihan. Kaya mapalad ang sinumang nakaabot dito na may mga mabubuting gawa, at maligaya ang sinumang pinagkalooban dito ng pagsunod (sa Allah). Ito ang pinakamarangal na mga araw ng taon—mga araw na ang gantimpala ay napakalaki, at ang paggawa ng kabutihan dito ay isang napakalaking kayamanang masasamsam.

Sumumpa sa pamamagitan nito ang Dakila at Marangal. Sinabi ng Allah:

وقال تعالى: ﴿وَٱلۡفَجۡرِ (1) وَلَيَالٍ عَشۡرٖ (2)﴾ [الفجر ١-٢]

"[Isinusumpa Ko] sa pagbubukang-liwayway, At [sa unang] sampung gabi"

At ang "sampung gabi" ay ang sampung araw ng Dhul-Hijjah ayon sa opinyon ng karamihan sa mga tagapagpaliwanag (mga mufassir). [1]

وقال تعالى: ﴿... وَيَذۡكُرُواْ ٱسۡمَ ٱللَّهِ فِيٓ أَيَّامٖ مَّعۡلُومَٰتٍ عَلَىٰ مَا رَزَقَهُم مِّنۢ بَهِيمَةِ ٱلۡأَنۡعَٰمِۖ﴾[الحج: ٢٨]

"...at [upang] kanilang banggitin ang Ngalan ng Allah sa mga takdang araw para sa anumang mga hayop na Kanyang ipinagkaloob [bilang panustos] sa kanila."

Ang mga "takdang araw" ay ang sampung araw ng Dhul-Hijjah. At ito ang sinabi ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa.[2].

وعن ابن عباس رضي الله عنهما قال: قال رسول الله ﷺ: (مَا مِنْ أَيَّامٍ الْعَمَلُ الصَّالِحُ فِيهَا أَحَبُّ إِلَى اللَّهِ مِنْ هَذِهِ الْأَيَّامِ) يَعْنِي أَيَّامَ الْعَشْرِ، قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ، وَلَا الْجِهَادُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ؟ قَالَ: (وَلَا الْجِهَادُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ، إِلَّا رَجُلٌ خَرَجَ بِنَفْسِهِ وَمَالِهِ، فَلَمْ يَرْجِعْ مِنْ ذَلِكَ بِشَيْءٍ) رواه أبوداود والترمذي وابن ماجه وصححه الألباني

At mula kay Ibn 'Abbas (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah, sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Walang mga araw na ang mabubuting gawa rito ay higit na minamahal ng Allah kaysa sa mga araw na ito," ang tinutukoy rito ay ang mga araw

1 Tingnan: Tafseer ni At-Tabari 24/397, Tafseer Fath Al-Qadeer ni Ash-Shawkaniy 5/432

2 Tingnan: Mga Fatwa ng Permanenteng Komite para sa Pagpapalabas ng Fatwa sa Kaharian ng Saudi Arabia, Unang Koleksyon, 8/308.

ng sampu. Sinabi nila: "O Sugo ng Allah, kahit ang pakikipaglaban (jihad) sa landas ng Allah?" Sinabi niya: "Kahit ang pakikipaglaban sa landas ng Allah, maliban sa isang taong lumabas dala ang kanyang sarili at yaman, at hindi na nakabalik pa mula rito." *Isinalaysay ito nina Abu Dawud, At-Tirmidhi, at Ibn Majah, at pinatunayang sahih ni Al-Albani.*[1]

Allahu Akbar! Kahit pa ibigay ng isang alipin ang kanyang buhay sa jihad, hindi pa rin ito higit na minamahal ng Allah kaysa sa mga mabubuting gawa sa mga araw na ito. Kaya't tunay na kawalan para sa sinumang sinayang ito at napalayo sa pagsunod sa Pinakamaawain; tunay na kawalan para sa sinumang itinuring na magkatulad lamang ang mga araw ng Dhul-Qa'dah at ang sampung araw ng Dhul-Hijjah.

At sa sampung araw na ito ay may mga dakilang araw, kabilang dito ang: ang Araw ng 'Arafah—araw ng kapatawaran ng mga kasalanan. Nabanggit sa Sahih Muslim:

عن أبي قتادة رضي الله عنه قال: قال رسول الله ﷺ: (صِيَامُ يَوْمِ عَرَفَةَ أَحْتَسِبُ عَلَى اللهِ أَنْ يُكَفِّرَ السَّنَةَ الَّتِي قَبْلَهُ، وَالسَّنَةَ الَّتِي بَعْدَهُ).

Mula kay Abu Qatadah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Ang pag-aayuno sa Araw ng 'Arafah, inaasahan ko sa Allah na magpapatawad (magpapawi) ng kasalanan ng nakaraang taon at ng susunod na taon."[2]

At ito ang araw na ganap na kinumpleto ng Allah ang relihiyong Islam at ganap na nilubos ang Kanyang biyaya sa mga Muslim.

فعن عمر بن الخطاب أَنَّ رَجُلًا مِنْ الْيَهُودِ قَالَ لَهُ: يَا أَمِيرَ الْمُؤْمِنِينَ آيَةٌ فِي كِتَابِكُمْ تَقْرَءُونَهَا لَوْ عَلَيْنَا مَعْشَرَ الْيَهُودِ نَزَلَتْ لَاتَّخَذْنَا ذَلِكَ الْيَوْمَ عِيدًا قَالَ أَيُّ آيَةٍ قَالَ: ﴿ٱلْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَتْمَمْتُ عَلَيْكُمْ نِعْمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ ٱلْإِسْلَـٰمَ دِينًا﴾ [المائدة:٣]، قَالَ عُمَرُ: (قَدْ عَرَفْنَا ذَلِكَ الْيَوْمَ وَالْمَكَانَ الَّذِي نَزَلَتْ فِيهِ عَلَى النَّبِيِّ ﷺ وَهُوَ قَائِمٌ بِعَرَفَةَ يَوْمَ جُمُعَةٍ) رواه البخاري ومسلم

Mula kay 'Umar bin Al-Khattab (nawa'y kalugdan siya ng Allah): May isang lalaki mula sa mga Hudyo ang nagsabi sa kanya, "O Pinuno ng mga Mananampalataya, may isang talata sa inyong Aklat na inyong binabasa—kung ito ay ipinahayag sa amin na mga Hudyo, tiyak na gagawin namin ang araw na iyon bilang isang Eid." Sinabi niya: "Aling talata?" Sinabi niya: "(Sa Araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, ginawang lubos ang Aking pagpapala sa inyo at ikinalugod [na pinili] para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon.)" [Al-Ma'idah: 3]. Sinabi ni 'Umar: "Alam namin ang araw at ang lugar kung kailan ito ipinahayag sa Propeta ﷺ—habang siya ay nakatayo sa 'Arafah, sa araw ng Biyernes." *Isinalaysay ito nina Al-Bukhari at Muslim.*[3]

1 Sunan ni Abu Dawud—at ito ang kanyang pananalita—(2438), Sunan ni At-Tirmidhi (757), Sunan ni Ibn Majah (1727), at Sahih Sunan Abi Dawud ni Al-Albani.

2 Sahih Muslim (1162)

3 Sahih Al-Bukhari (43), Sahih Muslim (3017).

At sa loob ng sampung araw na ito ay ang Araw ng Nahr (pag-aalay), ang pinakamainam na mga araw sa paningin ng Allah.

فعن عبد الله بن قُرْطٍ، عن النبي ﷺ قال: (إِنَّ أَعْظَمَ الْأَيَّامِ عِنْدَ اللَّهِ تَبَارَكَ وَتَعَالَى يَوْمُ النَّحْرِ، ثُمَّ يَوْمُ الْقَرِّ)
رواه أبوداود وصححه الألباني.

Mula kay 'Abdullah bin Qurt (nawa'y kalugdan siya ng Allah), mula sa Propeta ﷺ, sinabi niya: "Tunay na ang pinakadakilang mga araw sa paningin ng Allah—Mapagpala at Kataas-taasan Siya—ay ang Araw ng Nahr (Araw ng Pag-aalay), pagkatapos ay ang Araw ng Qarr (Araw ng Pananatili (sa Mina))." Isinalaysay ito ni Abu Dawud at pinatunayang sahih ni Al-Albani. [1]

At sa sampung araw na ito ay nagsama-sama ang mga pangunahing uri ng pagsamba. *Sinabi ni Al-Hafidh Ibn Hajar: "Ang lumilitaw na dahilan kung bakit natatangi ang sampung araw ng Dhul-Hijjah ay dahil sa pagtipon ng mga pangunahing uri ng pagsamba rito, at ang mga ito ay: ang pagdarasal, pag-aayuno, pagkakawanggawa, at Hajj—at hindi ito nagaganap sa iba (pang mga araw).*[2]

Kaya naman si Sa'id bin Jubayr, kapag pumasok ang mga araw ng sampu, ay nagsisikap nang matinding pagsisikap— hanggang sa halos hindi na ito makayanan. [3]

O naghahangad ng Paraiso, ang pinakadakilang mga araw sa mundo ay nasa harapan mo—ito ang mga kilalang araw, at napapaloob dito ang mga bilang na araw. At sa mga ito ay nagtipon ang mga pangunahing uri ng pagsamba: pagdarasal, pag-aayuno, pagkakawanggawa, at Hajj sa Bahay ng Lumikha ng lupa at kalangitan.

At tungkol sa paghahambing ng huling sampung araw ng Ramadhan at unang sampung araw ng Dhul-Hijjah, s*inabi ni Abdulaziz Ibn Baz: "Ang huling sampung araw ng Ramadhan ay higit na mainam sa aspeto ng gabi, dahil naroon ang Laylatul Qadr. At ang unang sampung araw ng Dhul-Hijjah ay higit na mainam sa aspeto ng araw, dahil naroon ang Araw ng 'Arafah at ang Araw ng Nahr, at ang mga ito ang pinakamainam na mga araw sa mundo. Ito ang pinagtibay ng mga mapanuring iskolar."*[4]

At *sinabi ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen: "Ang pagkakawanggawa sa sampung araw ng Dhul-Hijjah ay higit na minamahal ng Allah kaysa sa pagkakawanggawa sa sampung araw ng Ramadhan."* [5]

---

1 Sunan ni Abu Dawud (1765), at Sahih Sunan Abi Dawud ni Al-Albani.

2 Fath al-Bari ni Ibn Hajar (2/460).

3 Sunan Ad-Darimi (1815), Shu'ab al-Iman ni Al-Bayhaqi (3476), at Sahih At-Targhib wa At-Tarhib ni Al-Albani (1148).

4 Mga Fatwa ng "Nur ala ad-Darb" ni Abdulaziz ibn Baz, inayos ni Ash- Shuwair (16/449).

5 Buwanang Pagpupulong ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (10/2).

At kabilang sa mga kaugnay ng pagsapit ng buwan ng Dhul-Hijjah: kapag ito ay sumapit at ang isang Muslim ay nagnanais mag-alay (udhiyah), nararapat sa kanya na umiwas sa pagkuha (pagputol) ng kanyang buhok, mga kuko, at balat hanggang sa maisagawa niya ang kanyang pag-aalay.

فعن أم سلمة رضي الله عنها، أن رسول الله ﷺ قال: (إِذَا رَأَيْتُمْ هِلَالَ ذِي الْحِجَّةِ، وَأَرَادَ أَحَدُكُمْ أَنْ يُضَحِّيَ، فَلْيُمْسِكْ عَنْ شَعْرِهِ وَأَظْفَارِهِ) رواه مسلم، وفي رواية أخرى لمسلم أيضاً: (مَنْ كَانَ لَهُ ذِبْحٌ يَذْبَحُهُ فَإِذَا أُهِلَّ هِلَالُ ذِي الْحِجَّةِ، فَلَا يَأْخُذَنَّ مِنْ شَعْرِهِ، وَلَا مِنْ أَظْفَارِهِ شَيْئًا حَتَّى يُضَحِّيَ).

Mula kay Umm Salamah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), na ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: "Kapag nakita ninyo ang bagong buwan ng Dhul-Hijjah at ang isa sa inyo ay nagnanais mag-alay (udhiyah), dapat siyang umiwas sa pagputol ng kanyang buhok at mga kuko." Isinalaysay ito ni Muslim. *At sa isa pang salaysay ni Muslim: "Ang sinumang may hayop na iaalay, kapag sumikat ang buwan ng Dhul-Hijjah, huwag siyang kumuha (magputol) mula sa kanyang buhok at ni mula sa kanyang mga kuko ng anuman hanggang sa siya ay makapag-alay."*[1]

At ang pagbabawal na ito ay para lamang sa may-ari ng alay (udhiyah). Tungkol naman sa mga iniaalayan (tulad ng asawa at mga anak), walang masama kung sila ay magputol ng kanilang buhok, balat, o mga kuko. At ito ang naging fatwa ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa.[2]

At gayundin ang kinatawan sa pagkatay ng alay (udhiyah); walang masama kung siya ay magputol ng kanyang buhok, balat, o mga kuko, sapagkat ang pagbabawal ng pag-iwas sa pagputol ay nakaugnay sa nagpagawa (may-ari ng alay), hindi sa kinatawan. At ito ang fatwa ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen.[3]

At ang babaeng nagnanais mag-alay (udhiyah) ay pinahihintulutang magsuklay ng kanyang buhok, ngunit nang may pag-iingat upang hindi ito maputol; gayundin para sa lalaki. At ito ang fatwa ng dalawang iskolar na sina Abdulaziz Ibn Baz at Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen.[4]

O Allah, ipasapit Mo sa amin ang buwan ng Dhul-Hijjah na may biyaya at pananampalataya, kaligtasan at Islam, at bigyan Mo kami ng tagumpay rito sa mabuting pagsamba sa Hari na Lubos na Nakaaalam. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng sanlibutan.

---

1 Sahih Muslim (1977).

2 Tingnan: Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksyon, 11/426–427.

3 Tingnan: Mga Fatwa ng "Nur 'ala Ad-Darb" ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (13/2).

4 Tingnan: Mga Fatwa ng "Nur 'ala Ad-Darb" ni Abdulaziz Ibn Baz na inayos ni Ash-Shuwai'ir (18/179), at Mga Fatwa ng "Nur 'ala Ad-Darb" ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (13/2).

Ikalawang Aralin: Mga Mababuting Gawa sa Sampu

Papuri ay sa Allah, ang Maawain at Mapagpatawad, at ako ay humihiling ng pagpapala at kapayapaan para sa Kanyang Propeta na si Muhammad, ang mapagpuri at lubos na mapagpasalamat. At pagkatapos:

Ang sampu—kay dakila nito sa paningin ng Allah, at kay dakila ng mga mabubuting gawa rito para sa Kanya!

فعن ابن عباس رضي الله عنهما قال: قال رسول الله ﷺ: (مَا مِنْ أَيَّامٍ الْعَمَلُ الصَّالِحُ فِيهَا أَحَبُّ إِلَى اللَّهِ مِنْ هَذِهِ الْأَيَّامِ) يَعْنِي أَيَّامَ الْعَشْرِ، قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ، وَلَا الْجِهَادُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ؟ قَالَ: (وَلَا الْجِهَادُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ، إِلَّا رَجُلٌ خَرَجَ بِنَفْسِهِ وَمَالِهِ، فَلَمْ يَرْجِعْ مِنْ ذَلِكَ بِشَيْءٍ) رواه أبوداود والترمذي وابن ماجه وصححه الألباني.

Mula kay Ibn 'Abbas (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah) sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Walang mga araw na ang mabubuting gawa rito ay higit na minamahal ng Allah kaysa sa mga araw na ito," ang tinutukoy rito ay ang mga araw ng sampu. Sinabi nila: "O Sugo ng Allah, kahit ang pakikipaglaban (jihad) sa landas ng Allah?" Sinabi niya: "Kahit ang pakikipaglaban sa landas ng Allah, maliban sa isang taong lumabas dala ang kanyang sarili at yaman, at hindi na nakabalik pa mula rito" *Isinalaysay ito nina Abu Dawud, At-Tirmidhi, at Ibn Majah, at pinatunayang sahih ni Al-Albani.*[1]

At walang gawaing higit na dakila sa mga araw na ito kaysa sa Hajj.

فعن أبي هريرة ﷺ قال: سمعت النبي ﷺ يقول: (من حجَّ للهِ فلم يرفُثْ ولم يَفْسُقْ، رجَع كيومَ وَلَدَتْه أُمُّه).

رواه البخاري ومسلم

Mula kay Abu Hurayrah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Narinig ko ang Propeta ﷺ na nagsabi: "Ang sinumang nagsagawa ng Hajj para sa Allah, at hindi nagsalita ng malaswa at hindi gumawa ng kasalanan, siya ay babalik (na malinis sa kasalanan) tulad ng araw na siya ay isinilang ng kanyang ina." *Isinalaysay ito nina Al-Bukhari at Muslim* [2]

Anong gantimpala ang maihahambing sa gantimpalang ito?! Kaya't pagbati sa mga nagsasagawa ng Hajj sa Bahay-Sambahan (ng Allah)—ang inyong ginugol ay papalitan at ang inyong pagod ay gagantimpalaan.

At ang sinumang hindi napadali para sa kanya ang Hajj, maghanda siya (tumulong) sa isang magsasagawa ng Hajj o pumalit sa kanya sa pag-aalaga sa kanyang pamilya.

فعن زيد بن خالد الجهني ﷺ، قال: قال رسول الله ﷺ: (مَنْ جَهَّزَ غَازِيًا أَوْ جَهَّزَ حَاجًّا أَوْ خَلَفَهُ فِي أَهْلِهِ أَوْ فَطَّرَ صَائِمًا، كَانَ لَهُ مِثْلُ أُجُورِهِمْ مِنْ غَيْرِ أَنْ يَنْقُصَ مِنْ أُجُورِهِمْ شَيْءٌ) رواه ابن خزيمة وصححه الألباني.

1 Nauna na itong nabanggit (naitala) sa Unang Pagtitipon.
2 Sunan ni Abu Dawud (2437), at pinatunayang sahih ni Al-Albani sa Sahih Sunan Abi Dawud.

Mula kay Zayd bin Khalid Al-Juhani (nawa'y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Ang sinumang maghahanda (tutulong) sa isang mandirigma, o maghahanda sa isang magsasagawa ng Hajj, o pumalit sa kanya sa pag-aalaga sa kanyang pamilya, o magpapakain sa isang nag-aayuno (para sa iftar), magkakaroon siya ng katulad na gantimpala nila, nang hindi nababawasan ang kanilang gantimpala kahit kaunti." Isinalaysay ito ni Ibn Khuzaymah at pinatunayang sahih ni Al-Albani.[1]

At ang kahulugan ng "pumalit sa kanya sa kanyang pamilya" ay: pumalit sa pangangalaga at pamamahala sa kanyang pamilya

At kabilang sa pinakadakilang mabubuting gawa sa sampung araw na ito—na binanggit sa mga hadith at maraming salaysay na naghihikayat dito nang matindi—ay ang pag-alaala (sa Allah) at ang pagbigkas ng takbīr.

قال تعالى: ﴿وَيَذْكُرُوا اسْمَ اللَّهِ فِي أَيَّامٍ مَّعْلُومَاتٍ﴾ [الحج: ٢٨]، قال ابن عباس رضي الله عنهما: (واذكروا الله في أيام معلومات: أيام العشر).

Sinabi ng Allah, Kataas-taasan Siya: "At alalahanin nila ang Pangalan ng Allah sa mga kilalang araw." *Sinabi ni Ibn 'Abbas (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah): "At alalahanin ninyo ang Allah sa mga kilalang araw—ito ay ang mga araw ng sampu."*

وعن ابن عمر رضي الله عنهما عن النبي ﷺ قال: (مَا مِنْ أَيَّامٍ أَعْظَمُ عِنْدَ اللهِ، وَلَا أَحَبُّ إِلَيْهِ الْعَمَلُ فِيهِنَّ مِنْ هذه الأَيَّامِ الْعَشْرِ فَأَكْثِرُوا فِيهِنَّ من التَّهْلِيلِ وَالتَّكْبِيرِ والتَّحْمِيدِ) رواه أحمد والبيهقي وحسنه ابن باز .

Mula kay Ibn 'Umar (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah), mula sa Propeta ﷺ, sinabi niya: "Walang mga araw na higit na dakila sa paningin ng Allah at higit na minamahal Niya ang mga gawa sa mga ito kaysa sa mga sampung araw na ito. Kaya paramihin ninyo sa mga ito ang tahleel (La ilaha illa Allah), takbīr (Allahu Akbar), at tahmeed (Alhamdulillah)." Isinalaysay ito nina Ahmad at Al-Bayhaqi, at pinaganda (hasan) ni Abdulaziz Ibn Baz.[2]

At kung ang pag-alaala (sa Allah) ay kabilang sa mga dakilang uri ng paglapit (sa Kanya), tunay na ang pagbigkas nito nang malakas sa panahong ito ay kabilang sa pinakamararangal na mga pagsamba.

Allahu Akbar bilang pagdakila sa Kanyang kamahalan—ang paghahari ay sa Allah at ang pagdakila ay sa Allah.

Allahu Akbar bilang pagdakila sa Kanyang kapangyarihan—ang karangalan ay sa Allah at ang pagdakila ay sa Allah

1 Sahih Ibn Khuzaymah (2064), at Sahih At-Targhib wa At-Tarhib ni Al-Albani (1078).

2 Musnad Ahmad (5446), Shu'ab al-Iman ni Al-Bayhaqi (3474), at Ad-Durar al-Baziyyah 'ala Zad al-Ma'ad ni Abdulaziz Ibn Baz, pahina 26.

At damhin mo sa sandaling iyon ang sinabi ng Panginoon ng lahat ng nilalang:

﴿وَيَذْكُرُوا اسْمَ اللَّهِ فِي أَيَّامٍ مَّعْلُومَاتٍ﴾ [الحج:٢٨]

"At alalahanin nila ang Pangalan ng Allah sa mga kilalang araw."

At kabilang sa mabubuting gawa sa sampung araw na ito ay ang pag-aayuno. Sinabi ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa: "*Ang pag-aayuno sa siyam na araw ng Dhul-Hijjah… ay Sunnah ayon sa karamihan ng mga iskolar… at ito ay kabilang sa pangkalahatang kahulugan ng sinabi ng Propeta ﷺ…*"

(ما من أيام العمل فيهن أحب إلى الله من هذه العشر) ... قال أبو داود في (سننه): باب في صوم العشر، ... عن هُنَيْدَةَ بنِ خالد، عن امرأته عن بعض أزواج النبي ﷺ قالت: «كان رسول الله ﷺ يصوم تِسْعَ ذي الحجة ...)

"Walang mga araw na ang mabubuting gawa sa mga ito ay higit na minamahal ng Allah kaysa sa mga sampung araw na ito." … Sinabi ni Abu Dawud sa kanyang Sunan: Kabanata tungkol sa pag-aayuno sa sampu… *Mula kay Hunaydah bin Khalid, mula sa kanyang asawa, mula sa ilan sa mga asawa ng Propeta ﷺ, sinabi niya: "Ang Sugo ng Allah ﷺay nag-aayuno sa siyam na araw ng Dhul-Hijjah…*[1"2]

At higit na pinagtitibay ang pagiging Sunnah ng pag-aayuno sa Araw ng 'Arafah para sa hindi nagsasagawa ng Hajj.

ففي صحيح مسلم عن أبي قتادة ﷺ قال: قال رسول الله ﷺ: (صِيَامُ يَوْمِ عَرَفَةَ أَحْتَسِبُ عَلَى اللهِ أَنْ يُكَفِّرَ السَّنَةَ الَّتِي قَبْلَهُ، وَالسَّنَةَ الَّتِي بَعْدَهُ.)

Sa Sahih Muslim, mula kay Abu Qatadah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Ang pag-aayuno sa Araw ng 'Arafah, inaasahan ko sa Allah na magpapawi ng kasalanan ng nakaraang taon at ng susunod na taon."[3]

At kabilang sa mga mabubuting gawa sa sampung araw na ito ay ang pagdarasal ng 'Eid, sapagkat ang Propeta ﷺ ay naghihikayat sa mga tao na dumalo rito, At pinagtitibay ito ng naiulat mula kay Umm 'Atiyyah na sinabi nya:

(كُنَّا نُؤْمَرُ أَنْ نَخْرُجَ يَوْمَ الْعِيدِ حَتَّى نُخْرِجَ الْبِكْرَ مِنْ خِدْرِهَا حَتَّى نُخْرِجَ الْحُيَّضَ فَيَكُنَّ خَلْفَ النَّاسِ فَيُكَبِّرْنَ بِتَكْبِيرِهِمْ وَيَدْعُونَ بِدُعَائِهِمْ يَرْجُونَ بَرَكَةَ ذَلِكَ الْيَوْمِ وَطُهْرَتَهُ.) رواه البخاري ومسلم.

"Kami ay inuutusan na lumabas sa araw ng 'Eid—hanggang pati ang mga dalaga ay inilalabas mula sa kanilang mga silid, at pati ang mga may regla ay inilalabas—at sila ay nasa likuran ng mga tao; sila ay nakikibahagi sa kanilang takbīr at nananalangin kasama ng kanilang panalangin, umaasa sa biyaya at kalinisan ng araw na iyon." *Isinalaysay ito nina Al-Bukhari at Muslim.*[4]

1 Sunan ni Abu Dawud (2437), at pinatunayang sahih ni Al-Albani sa Sahih Sunan Abi Dawud.

2 Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Ikalawang Koleksyon, 9/308.

3 Nauna na itong nabanggit (naitala) sa Unang Pagtitipon.

4 Sahih Al-Bukhari (971)—at ito ang kanyang pananalita—at Sahih Muslim (890).

At kabilang sa pinakamainam na mga gawain sa sampung araw na ito ay ang paglapit sa Allah sa pamamagitan ng pagkatay ng mga alay (udhiyah), at tunay na ang dugo nito ay may mataas na katayuan sa paningin ng Allah.

﴿لَن يَنَالَ اللَّهَ لُحُومُهَا وَلَا دِمَاؤُهَا وَلَٰكِن يَنَالُهُ التَّقْوَىٰ مِنكُمْ﴾ [الحج:٣٧]

"Hindi ang kanilang [laman] karne ang nakararating sa Allah o ang kanilang dugo kundi ang nakararating sa Kanya ay ang taqwa [mapitagang takot] mula sa inyo."

وعن البراء ﷺ قال: قال النبي ﷺ: (مَنْ ذَبَحَ قَبْلَ الصَّلَاةِ فَإِنَّمَا يَذْبَحُ لِنَفْسِهِ وَمَنْ ذَبَحَ بَعْدَ الصَّلَاةِ فَقَدْ تَمَّ نُسُكُهُ وَأَصَابَ سُنَّةَ الْمُسْلِمِينَ.) رواه البخاري ومسلم

Mula kay Al-Barra' (nawa'y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Propeta ﷺ: "Ang sinumang magkatay bago ang pagdarasal (ng 'Eid), siya ay nagkatay lamang para sa kanyang sarili; at ang sinumang magkatay pagkatapos ng pagdarasal, tunay na natupad niya ang kanyang ritwal at nasunod niya ang Sunnah ng mga Muslim." *Isinalaysay ito nina Al-Bukhari at Muslim.*[1]

وعن أنس بن مالك ﷺ قال: (ضَحَّى النَّبِيُّ ﷺ بِكَبْشَيْنِ أَمْلَحَيْنِ أَقْرَنَيْنِ...) رواه البخاري ومسلم

Mula kay Anas bin Malik (nawa'y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: "Nag-alay ang Propeta ﷺng dalawang lalaking tupa na maputi (na may halong itim) at may mga sungay..." *Isinalaysay ito nina Al-Bukhari at Muslim.*[2]

At ang mga pintuan ng mga mabubuting gawa ay marami—tulad ng pagdarasal sa gabi, pagbigkas ng Qur'an, at pagkakawanggawa—lahat ng ito ay kabilang sa mabubuting gawa na hinikayat sa pangkalahatang sinabi ng Propeta ﷺ.

(مَا مِنْ أَيَّامٍ الْعَمَلُ الصَّالِحُ فِيهَا أَحَبُّ إِلَى اللَّهِ مِنْ هَذِهِ الْأَيَّامِ).

Walang mga araw na ang mabubuting gawa sa mga ito ay higit na minamahal ng Allah kaysa sa mga araw na ito."[3]

قال سعيد بن جبير: "لا تطفئوا سُرجكم ليالي العشر".)

Sinabi ni Sa'id bin Jubayr: "Huwag ninyong patayin ang inyong mga ilawan sa mga gabi ng sampu.[4]

Ibig sabihin: buhayin ninyo ang mga ito sa pamamagitan ng pagdarasal sa gabi.

At kabilang sa pagdakila sa (Allah) na Ganap na Nakaaalam ng mga lihim sa sampung araw na ito ay ang pag-iwas sa mga kasalanan at pagkakasala; sapagkat kung paanong ang pagsunod sa Kanya rito ay higit na dakila at marangal, gayundin ang kasalanan dito ay higit na mabigat at mapanganib.

1 Sahih Al-Bukhari (5556)—at ito ang kanyang pananalita—at Sahih Muslim (1961).

2 Sahih Al-Bukhari (5565), at Sahih Muslim (1966)—at ito ang kanyang pananalita.

3 Nauna na itong nabanggit (naitala) sa Unang Pagtitipon.

4 Lata'if al-Ma'arif ni Ibn Rajab, pahina 263.

قال تعالى: ﴿إِنَّ عِدَّةَ الشُّهُورِ عِندَ اللَّهِ اثْنَا عَشَرَ شَهْرًا فِي كِتَابِ اللَّهِ يَوْمَ خَلَقَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ مِنْهَا أَرْبَعَةٌ حُرُمٌ ۚ ذَٰلِكَ الدِّينُ الْقَيِّمُ ۚ فَلَا تَظْلِمُوا فِيهِنَّ أَنفُسَكُمْ ۚ﴾ [التوبة:٣٦]

"Katotohanan, ang bilang ng mga buwan sa [paningin ng] Allah ay labindalawang buwan [12 sa loob ng isang taon], sa aklat o talaan ng Allah [mula] sa araw na Kanyang likhain ang mga kalangitan at kalupaan; kabilang sa mga [buwang] ito, ang apat nito ay sagrado. Iyan ang matuwid na relihiyon, kaya't huwag kayong gumawa ng kamalian sa inyong mga sarili sa panahon ng mga ito."

Sinabi ni Abdulaziz Ibn Baz: "Ang isang masamang gawa sa sampung araw ng Dhul-Hijjah ay mas mabigat at mas malala kaysa sa masamang gawa sa Rajab o Sha'ban at iba pa; ito ay nadaragdagan sa kalidad (kabigatan), hindi sa bilang."[1]

O Allah, tulungan Mo kami sa pag-alaala sa Iyo, sa pagpapasalamat sa Iyo, at sa mahusay na pagsamba sa Iyo. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.

1 Majmu' Fatawa ni Abdulaziz Ibn Baz (3/389).

Ikatlong Aralin: Pag-alaala (sa Allah) at Takbīr

Papuri ay sa Allah, ang Kataas-taasan at Pinakamataas, at ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa Piniling Propeta. At pagkatapos:

Tunay na kabilang sa pinakadakilang mga gawain sa paningin ng Allah sa mga araw na ito ay ang takbīr, tahleel, at tahmeed; kaya't paulit-ulit ang paghihikayat dito, at ang pagbibigay-diin dito ay inuulit-ulit.

قال تعالى ﴿...وَيَذْكُرُوا اسْمَ اللَّهِ فِي أَيَّامٍ مَّعْلُومَاتٍ﴾ [الحج:٢٨]

"At alalahanin nila ang Pangalan ng Allah sa mga kilalang araw."

Sinabi ni Ibn 'Abbas (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah) tungkol sa "mga kilalang araw" na ito ay: "ang mga araw ng sampu."[1]

وعن ابن عمر رضي الله عنهما عن النبي ﷺ قال:(مَا مِنْ أَيَّامٍ أَعْظَمُ عِنْدَ اللهِ، وَلَا أَحَبُّ إِلَيْهِ الْعَمَلُ فِيهِنَّ مِنْ هذه الأَيَّامِ الْعَشْرِ فَأَكْثِرُوا فِيهِنَّ من التَّهْلِيلِ وَالتَّكْبِيرِ والتَّحْمِيدِ.) رواه أحمد والبيهقي وحسنه ابن باز.

Mula kay Ibn 'Umar (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah), mula sa Propeta ﷺ, sinabi niya: "Walang mga araw na higit na dakila sa paningin ng Allah at higit na minamahal Niya ang mga gawa sa mga ito kaysa sa mga sampung araw na ito. Kaya paramihin ninyo sa mga ito ang tahleel (La ilaha illa Allah), takbīr (Allahu Akbar), at tahmeed (Alhamdulillah)." *Isinalaysay ito nina Ahmad at Al-Bayhaqi, at ginawang (hasan) ni Abdulaziz Ibn Baz.*[2]

وعن أبي هريرة ﷺ، عن النبي ﷺ قال: (مَا أَهَلَّ مُهِلٌّ قَطُّ إِلَّا بُشِّرَ، وَلَا كَبَّرَ مُكَبِّرٌ قَطُّ إِلَّا بُشِّرَ) قِيلَ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، بِالْجَنَّةِ؟ قَالَ: «نَعَمْ». رواه الطبراني وحسنه الألباني.

Mula kay Abu Hurayrah (nawa'y kalugdan sya ng Allah), mula sa Propeta ﷺ, sinabi niya: "Walang sinumang nagsasabi ng tahleel (La ilaha illa Allah) maliban na siya ay binibigyan ng magandang balita, at walang sinumang nagsasabi ng takbīr (Allahu Akbar) maliban na siya ay binibigyan ng magandang balita." Sinabi: "O Sugo ng Allah, ng Paraiso ba?" Sinabi niya: "Oo." *Isinalaysay ito ni At-Tabarani at ginawang (hasan) ni Al-Albani.*[3]

At sina Ibn 'Umar at Abu Hurayrah (*nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah)* ay lumalabas sa pamilihan sa mga araw ng sampu at nagsasabi ng takbīr, at ang mga tao ay nagsasabi rin ng takbīr kasabay ng kanilang takbīr.[4]

At dito ay may patunay na ang mga taong may kaalaman at kabutihan ay nararapat na buhayin ang Sunnah upang ang mga tao ay sumunod sa kanila.

At dito ay ipinapakita na ang Sunnah ay ang pagbigkas ng takbīr nang malakas at pagtaas ng tinig dito bilang pagpapakita ng simbolo(ng Islam).

---

1 Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa kanyang Sahih bago ang hadith bilang (969).

2 Nauna na itong nabanggit (naitala) sa Ikalawang Pagtitipon.

3 Al-Mu'jam Al-Awsat ni At-Tabarani (7779), at Sahih At-Targhib wa At-Tarhib ni Al-Albani (1137).

4 Sahih Al-Bukhari bago ang hadith bilang (969).

وعن مِسْكِينٍ أبي هريرة رضي الله عنه، قال: (سمعتُ مجاهدًا، وكبَّر رجلٌ أيامَ العشر، فقال مجاهدٌ: أفلا رفعَ صوتَهُ، فلقد أدركتُهُم وإنَّ الرجل ليكبر في المسجد فيرتَجُّ بها أهلُ المسجد، ثم يَخْرُجُ الصوت إلى أهل الوادي حتى يبلُغَ الأَبْطُحَ، فيرتَجُّ بها أهل الأَبْطُحَ، وإنما أصلها من رجل واحد.) رواه ابن أبي شيبة

Mula kay Abu Hurayrah, sinabi niya: Narinig ko si Mujahid, at may isang lalaking nagtakbīr sa mga araw ng sampu, kaya sinabi ni Mujahid: Hindi ba't dapat niyang lakasan ang kanyang tinig? Tunay na naabutan ko ang mga tao noon na kapag ang isang lalaki ay nagtakbīr sa masjid, ay umaalingawngaw ito sa buong masjid; at ang tinig ay umaabot hanggang sa mga tao sa lambak, hanggang umabot ito sa Al-Abtuh (isang patag na lugar sa Makkah), at umaalingawngaw rin doon—gayong nagsimula lamang ito sa iisang tao." Isinalaysay ito ni Ibn Abi Shaybah.[1]

At binanggit ni Imam Ibn Rajab:

Mula kay Maymun bin Mihran, sinabi niya: "Naabutan ko ang mga tao na sila ay talagang nagsasabi ng takbīr sa mga araw ng sampu, hanggang sa inihahalintulad ko ito sa mga alon dahil sa dami nito. At sinasabi niya: 'Tunay na ang mga tao ay nagkulang dahil sa kanilang pag-iwan sa takbīr."[2]

Kaya buhayin ninyo ang Sunnah ng takbīr sa pamamagitan ng pagpapalakas ng tinig nito sa mga masjid, mga pagtitipon, mga lansangan, at mga pamilihan. Kaawaan nawa ng Allah ang sinumang bumuhay sa mga Sunnah at nagpakita ng mga simbolo ng Islam—sapagkat ito ay kabilang sa pagdakila sa Allah at pagkatakot sa Kanya, at pagsisikap sa Kanyang kaluguran.

Sinabi ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa: "Itinatagubilin sa 'Eid al-Adha ang takbīr na mutlaq (walang tiyak na oras) at muqayyad (may tiyak na oras). Ang takbīr na mutlaq ay sa lahat ng oras mula sa simula ng pagpasok ng buwan ng Dhul-Hijjah hanggang sa huling mga araw ng Tashriq. At ang takbīr na muqayyad naman ay pagkatapos ng mga obligadong pagdarasal, mula sa Fajr ng Araw ng 'Arafah hanggang sa 'Asr ng huling araw ng Tashriq. At pinatutunayan ang pagiging lehitimo nito ng ijma'(pagkakaisa ng mga iskolar) at ng ginawa ng mga Sahabah."[3]

Ang takbīr na muqayyad na ito ay para sa hindi nagsasagawa ng Hajj. Tungkol naman sa nagsasagawa ng Hajj, *sinabi ni Abdulaziz Ibn Baz: "Nagsisimula ito mula sa Dhuhr ng Araw ng Nahr, sapagkat siya ay abala sa talbiyah."*[4]
Sinabi ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa: "Iniutos ng Allah—Kataas-taasan Siya—ang pag-alaala sa Kanya nang walang takdang oras sa mga araw ng Tashriq."

فقال: ﴿...وَٱذۡكُرُواْ ٱللَّهَ فِيٓ أَيَّامٖ مَّعۡدُودَٰتٖۚ﴾ [البقرة:٢٠٣]

1 Musannaf ni Ibn Abi Shaybah (14111).

2 Fath al-Bari ni Ibn Rajab (9/9).

3 Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksyon, 8/312. At tingnan: Al-Mughni ni Ibn Qudamah (2/292).

4 Tingnan: Mga Fatwa ng mga Aral sa website ni Abdulaziz Ibn Baz: https://binbaz.org.sa/fatwas/31493/

At inyong alalahanin ang Allah sa loob ng mga [itinakdang] bilang na araw.

At walang napatunayan sa Qur'an at sa Sunnah ng Propeta tungkol sa pagbigkas (ng detalyadong takbīr) pagkatapos ng limang obligadong pagdarasal sa mga araw ng Tashriq—walang tiyak na bilang at walang detalyadong paraan na itinakda.

At ang pinakatumpak na naitalang anyo ng takbīr dito ay:

ما رواه عبد الرزاق بسند صحيح عن سلمان الفارسي ﷺ، أنه قال: (الله أكبر الله أكبر الله أكبر كبيرا).
وقيل: يكبر ثنتين، بعدهما: لا إله إلا الله والله أكبر، الله أكبر ولله الحمد. جاء ذلك عن عمر وابن مسعود رضي الله عنهما.

Ang isinalaysay ni 'Abd al-Razzaq na may sahih na sanad mula kay Salman Al-Farisi (nawa'y kalugdan siya ng Allah), na sinabi niya: "Allahu Akbar, Allahu Akbar, Allahu Akbar kabīrā."

At sinabi rin: magtakbīr ng dalawang beses, pagkatapos nito ay: "La ilaha illa Allah, Allahu Akbar, Allahu Akbar wa lillahil-hamd." Ito ay naisalaysay mula kina 'Umar at Ibn Mas'ud.[1]

Allahu Akbar, Allahu Akbar, La ilaha illa Allah, Allahu Akbar, Allahu Akbar, wa lillahil-hamd

Ang pagsasabi ng: "Allahu Akbar" – ang takbīr ay nagpapahiwatig ng pagdakila; ito ay pagkilala na ang Allah—Kataas-taasan Siya—ay higit na dakila at mas mataas kaysa sa lahat ng bagay. Kaya Siya lamang ang karapat-dapat sambahin, at dito ay may patunay ng tawhīd (kaisahan ng Allah).

Ang pagsasabi ng: "La ilaha illa Allah" – ito ang patotoo ng Islam at sagisag ng tawhīd. Ang kahulugan nito ay: Walang karapat-dapat sa pagsamba kundi ang Allah. At ang pagpaparami ng pagbanggit nito sa sampung araw at sa mga araw ng Hajj ay angkop bilang patnubay sa pagtalikod sa mundo at sa mga palamuti nito, at ganap na pagbaling tungo sa Allah.

Ang pagsasabi ng: "wa lillahil-hamd" (at sa Allah ang papuri) – ang papuri ay isang pagsamba na ginagawa ng Muslim, mangyari man o hindi ang isang biyaya, sapagkat ang ganap na papuri ay tanging karapat-dapat lamang sa Allah dahil sa Kanyang ganap na kasakdalan at mga katangian. At kabilang sa pinakadakilang biyaya ay ang pagpapahintulot ng Allah na maabot mo ang mga mararangal na araw na ito—mga araw ng pagdodoble ng gantimpala at pagpapatawad ng mga kasalanan.

1 Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksyon, 8/309–310.

Sa ating pagdarasal at sa ating panawagan (adhan): Allahu Akbar…

at sa pagtatapos ng ating pag-aayuno sa Ramadan: Allahu Akbar…

at sa sampung araw: Allahu Akbar…

at sa pagkatay ng ating mga alay: Allahu Akbar…

at sa ating paglalakbay: Allahu Akbar…

at sa pagbato sa mga jamarat, at pagkatapos ng mga pagdarasal, at sa mga kilalang araw: Allahu Akbar. Kaya dumating ang ating batas (Shari'ah) na naghihikayat ng pagdami sa pagbanggit ng "Allahu Akbar."

Allahu Akbar—sa harap nito ay nagiging maliit ang mga makapangyarihan at mga dakila (mula sa mga nilalang); Allahu Akbar—sa Kanya ang tunay na kadakilaan.

قال تعالى: ﴿فَلِلَّهِ ٱلۡحَمۡدُ رَبِّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَرَبِّ ٱلۡأَرۡضِ رَبِّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ٣٦ وَلَهُ ٱلۡكِبۡرِيَآءُ فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضِۖ وَهُوَ ٱلۡعَزِيزُ ٱلۡحَكِيمُ﴾ [الجاثية: ٣٦-٣٧]

"Kaya, sa Allah ang [pagmamay-ari ng lahat ng] papuri – ang Panginoon ng mga kalangitan at Panginoon ng kalupaan, Panginoon ng lahat [ng mga nilikha] (36) At sa Kanya ang Kadakilaan sa mga kalangitan at sa kalupaan. At Siya ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan."

Allahu Akbar, Allahu Akbar, La ilaha illa Allah, Allahu Akbar, Allahu Akbar, wa lillahil-hamd.

﴿وَقُلِ ٱلۡحَمۡدُ لِلَّهِ ٱلَّذِي لَمۡ يَتَّخِذۡ وَلَدٗا وَلَمۡ يَكُن لَّهُۥ شَرِيكٞ فِي ٱلۡمُلۡكِ وَلَمۡ يَكُن لَّهُۥ وَلِيّٞ مِّنَ ٱلذُّلِّۖ وَكَبِّرۡهُ تَكۡبِيرٗا﴾ [الإسراء: ١١١]

"At sabihin: "Al-Hamdulillah [ang lahat ng papuri ay sa Allah], na hindi nagkaanak at walang katambal [sa Kanyang] Kapamahalaan [o paghahari], at wala Siyang [kailangang] tagapangalagang nagmumula sa kahinaan. At Siya ay iyong dakilain nang [lubusang] pagdakila."

Kaya dakilain ninyo Siya, O mga Muslim… dakilain ninyo Siya nang higit sa inyong mga pagnanasa… dakilain ninyo Siya nang higit sa inyong mga hilig… dakilain ninyo Siya sapagkat ang Allah ang Pinakadakila.

O Allah, pagkalooban Mo kami ng kakayahang dakilain Ka. O Allah, ipagkaloob Mo sa amin ang pag-alaala sa Iyo. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.

Ikaapat na Aralin: Ang Pagiging Obligado ng Hajj at ang Paraan Nito

Papuri ay sa Allah, ang Hari na Lubos na Nakaaalam, na nag-atas sa Kanyang mga alipin ng Hajj sa Kanyang Banal na Bahay-Sambahan. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa sangkatauhan. At pagkatapos:

Tunay na ang Hajj sa Bahay ng Allah na Banal ay isa sa mga haligi ng Islam at kabilang sa mga dakilang tungkulin nito.

قال تعالى: ﴿...وَلِلَّهِ عَلَى ٱلنَّاسِ حِجُّ ٱلۡبَيۡتِ مَنِ ٱسۡتَطَاعَ إِلَيۡهِ سَبِيلٗاۚ وَمَن كَفَرَ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَنِيٌّ عَنِ ٱلۡعَٰلَمِينَ﴾ [آل عمران:٩٧]

Sinabi ng Allah: (At iniatang ng Allah para sa mga tao ang [tungkuling magsagawa ng] Hajj sa bahay-dalanginan [ang Ka'bah], sa sinumang may kakayahang maglakbay para rito. At sinuman ang di- naniwala [at walang pagpapahalaga rito], samakatwid, katotohanan, ang Allah ay [Mayaman] walang pangangailangan mula sa [Kanyang] mga nilikha.

وعَنْ ابنِ عُمَرَ رضي الله عنهما قَالَ: قَالَ رَسُولُ الله ﷺ: (بُنِيَ الإِسْلامُ على خمس: شَهَادةِ أَنَّ لا إِلَه إِلَّا اللهُ وأَنَّ مُحمَّداً رَسُولُ الله، وإِقَامِ الصَّلاةِ، وإِيتَاءِ الزَّكَاة، والحجِّ وَصَومِ رَمَضَانَ) رواه البخاري ومسلم

Mula kay Ibn 'Umar (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Ang Islam ay itinayo sa lima: ang pagsaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin kundi ang Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah; ang pagtataguyod ng pagdarasal; ang pagbibigay ng zakah; ang Hajj; at ang pag-aayuno sa Ramadan." *Isinalaysay ito nina Al-Bukhari at Muslim.*[1]

At nagkaroon ng pagkakaisa (ijma') ang mga iskolar sa pagiging obligado nito.[2]

Kaya't ang Hajj ay obligadong tungkulin sa bawat **Muslim** na **nasa wastong gulang**, **nasa tamang pag-iisip**, at **may kakayahan**—isang beses sa buong buhay, at ito ay **dapat isagawa agad.**

Muslim: hindi ito obligado sa hindi Muslim, sapagkat ang pagsamba ay hindi tinatanggap mula sa kanya.

Nasa wastong gulang at nasa tamang pag-iisip: hindi ito obligado sa bata at sa baliw. Ang pag-abot sa wastong gulang ay sa pamamagitan ng: pag-abot sa labinlimang taon, o pagtubo ng buhok sa maselang bahagi (paligid ng ari), o paglabas ng semilya na may pagnanasa—sa panaginip man o gising. At sa babae ay may ikaapat na palatandaan: ang pagreregla.

Ngunit kung ang batang hindi pa umabot sa wastong gulang ay magsagawa ng Hajj, ito ay tanggap mula sa kanya, subalit hindi ito makapapalit sa obligadong Hajj pag-

1 Sahih Al-Bukhari (8), Sahih Muslim (21).

2 Tingnan: Al-Ijma' ni Ibn al-Mundhir, pahina 51.

abot nya sa wastong gulang. Samantala, ang baliw naman ay hindi wasto ang kanyang Hajj.

May kakayahan: yaong may kakayahan sa kanyang yaman at sa kanyang katawan.

Isang beses: ibig sabihin, ang obligado ay isang Hajj lamang sa buong buhay.

لما جاء عَنِ ابْنِ عَبَّاسٍ رضي الله عنهما، أَنَّ الْأَقْرَعَ بْنَ حَابِسٍ ﷺ، سَأَلَ النَّبِيَّ ﷺ فَقَالَ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، الْحَجُّ فِي كُلِّ سَنَةٍ أَوْ مَرَّةً وَاحِدَةً قَالَ: (بَلْ مَرَّةً وَاحِدَةً، فَمَنْ زَادَ فَهُوَ تَطَوُّعٌ) رواه أبوداود وابن ماجه وصححه الألباني.

Ayon sa naiulat mula kay Ibn ‘Abbas (nawa’y kalugdan siya ng Allah), na si Al-Aqra‘ bin Habis (nawa’y kalugdan siya ng Allah) ay nagtanong sa Propeta ﷺ: “O Sugo ng Allah, ang Hajj ba ay taun-taon o isang beses lamang?” Sinabi niya: “Isang beses lamang; at ang sinumang magdagdag, ito ay kusang-loob (na gawain).” Isinalaysay ito nina Abu Dawud at Ibn Majah, at pinatunayang sahih ni Al-Albani.[1]

Dapat isagawa agad: ibig sabihin, kailangang isagawa ang Hajj agad kapag natupad na ang mga kondisyon ng pagiging obligado nito.

لما جاء في صحيح مسلم عن أبي هريرة ﷺ قال: خطبنا رسول الله ﷺ، فقال: (أَيُّهَا النَّاسُ قَدْ فَرَضَ اللهُ عَلَيْكُمُ الْحَجَّ، فَحُجُّوا).

Ayon sa naiulat sa Sahih Muslim mula kay Abu Hurayrah (nawa’y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Nangaral sa amin ang Sugo ng Allah ﷺ at sinabi: “O mga tao, tunay na inobliga ng Allah sa inyo ang Hajj, kaya magsagawa kayo ng Hajj.”[2]

At ang batayang prinsipyo sa utos ay ito ay para sa agarang pagsasagawa. Kaya nga nagalit ang Propeta ﷺ sa pangyayari sa Hudaybiyyah nang utusan niya silang mag-ihlal (lumabas sa ihram) at sila ay nag-atubili.[3]

Sinabi ni Abdulaziz Ibn Baz: “Ang sinumang may kakayahan—may baon at sasakyan—upang maisagawa ang Hajj ngunit nagpapabaya, siya ay nakagawa ng isang napakalaking kasalanan at isang matinding kamalian. Kaya’t nararapat sa kanya ang magsisi sa Allah at magmadaling magsagawa ng Hajj sa unang pagkakataong kaya niya. Hindi pinahihintulutan sa kanya ang magpabaya o magpaliban hangga’t kaya niya itong isagawa sa kanyang katawan at yaman. At ito ay isang bagay na napagkasunduan ng mga iskolar—walang pagkakaiba ng opinyon dito.”[4]

At nagbigay ng fatwa ang Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa na “*ang sinumang namatay na may kakayahang magsagawa ng Hajj—sa kanyang sarili at yaman—ngunit hindi ito naisagawa, dapat kumuha mula sa kanyang*

1 Sunan ni Abu Dawud (1721), Sunan ni Ibn Majah (2886), at Sahih Sunan Abi Dawud ni Al-Albani.

2 Sahih Muslim (1337).

3 Tingnan: Ash-Sharh al-Mumti‘ ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (7/8–13).

4 Tingnan: Mga Fatwa ng “Nur ‘ala Ad-Darb” ni Abdulaziz Ibn Baz na inayos ni Ash-Shuwai‘ir (18/90).

iniwang ari-arian ng bayad para sa isang Hajj na isasagawa para sa kanya; sapagkat ito ay naging obligado sa kanya."[1]

At ang sinumang tumanggi sa pagiging obligado ng Hajj ay isang hindi nananampalataya (kafir) ayon sa pinagkaisahang opinyon ng mga Muslim, gaya ng binanggit ni Ibn Taymiyyah.[2]

Tungkol naman sa paraan ng Hajj sa maikling paliwanag: Kapag ang isang magsasagawa ng Hajj ay dumating sa miqat, siya ay maliligo at magpapabango sa katawan at balbas, pagkatapos ay papasok sa ihram para sa Hajj bilang mutamatti', at tutungo sa Makkah habang binibigkas ang talbiyah.

Kapag nakarating sa Banal na Bahay-Sambahan (Ka'bah), magsasagawa siya ng tawaf ng pitong ikot sa palibot ng Ka'bah bilang tawaf ng 'umrah, pagkatapos ay magdarasal ng dalawang rak'ah sa likod ng Maqam Ibrahim kung maaari—kung hindi man, kahit malayo basta't inilalagay ang Maqam sa pagitan niya at ng Ka'bah.

Pagkatapos ay lalabas siya para sa sa'i ng 'umrah, magsisimula sa Safa, at magsasagawa ng pitong ikot, pagkatapos ay mag-aahit o magpapagupit ng buhok mula sa buong ulo.

Kapag dumating ang ikawalong araw ng Dhul-Hijjah, siya ay maliligo, magpapabango, at papasok sa ihram para sa Hajj mula sa kanyang tinutuluyang lugar, at tutungo sa Mina. Doon ay magdarasal siya ng Dhuhr, 'Asr, Maghrib, 'Isha, at Fajr—pinaiikli (qasr) ngunit hindi pinagsasama.

Kapag sumikat ang araw sa Araw ng 'Arafah, ang nagsasagawa ng Hajj ay tutungo sa 'Arafah habang binibigkas ang talbiyah at may pagpapakumbaba. Doon ay pagsasamahin niya ang Dhuhr at 'Asr (sa oras ng dhuhr) nang tig-dalawang rak'ah. Pagkatapos ay maglalaan siya ng oras sa panalangin at pagsusumamo sa Allah, at ang pinakamainam ay nasa kalagayan ng kadalisayan at nakaharap sa qiblah.

Kapag lumubog ang araw, siya ay tutungo sa Muzdalifah habang binibigkas ang talbiyah, may pagpapakumbaba at pananatili sa kahinahunan. Pagdating sa Muzdalifah, magdarasal siya ng Maghrib at 'Isha roon, pagkatapos ay mananatili roon hanggang Fajr. At pinahihintulutan ang mga mahihina na umalis pagkatapos ng hatinggabi.

Kapag naisagawa ang salatul Fajr, haharap siya sa qiblah, magtatakbīr, magpupuri sa Allah, at mananalangin hanggang sa lubos na lumiwanag ang umaga. Pagkatapos, bago sumikat ang araw, tutungo siya sa Mina, at pupulot ng pitong maliliit na bato (pebbles). Pagkatapos ay pupunta siya sa Jamrat al-'Aqabah—ang pinakamalaki at huling haligi—at babatuhin ito matapos sumikat ang araw ng pitong bato, na nagsasabi ng "Allahu Akbar" sa bawat bato.

1 Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksyon, 11/101.

2 Tingnan: "Al-Jawab As-Sahih liman Baddala Din al-Masih" ni Ibn Taymiyyah (2/126).

At kinakailangang pumasok ang bato sa loob ng hukay (palibot), at hindi kondisyon na kailangang tamaan ang haligi mismo.

Kapag natapos na niya ang pagbato sa jamrah, siya ay mag-aalay ng hady (alay na hayop), at hindi sapat dito maliban sa yaong sapat din sa udhiyah. Walang masama na magtalaga siya ng ibang tao upang magkatay para sa kanya. Pagkaraan ng pagkatay, aahitin niya ang buong ulo; at ang babae naman ay magpapagupit mula sa dulo ng kanyang buhok na kasinghaba ng dulo ng daliri (humigit kumulang isang pulgada o inch).

Pagkatapos nito ay magkakaroon siya ng unang tahallul, kaya maaari na siyang magsuot ng mga tinahing damit at iba pa, magputol ng mga kuko, at magpabango—ngunit hindi pa pinahihintulutan ang pakikipagtalik sa kanyang asawa.

Pagkatapos ay bababa siya, bago ang Dhuhr, patungong Makkah, magsasagawa ng tawaf para sa Hajj at mag-sa'i, pagkatapos ay babalik sa Mina.

Sa pamamagitan ng tawaf, sa'i, kasama ng pagbato at pag-ahit, makakamit ang ikalawang tahallul, at pinahihintulutan na ang lahat, maging ang pakikipagtalik.

Sa araw ng 'Eid, ang magsasagawa ng Hajj ay gagawa ng apat na gawain: pagbato sa jamrah, pagkatapos ay pagkatay, pagkatapos ay pag-ahit, at pagkatapos ay tawaf at sa'i. Ito ang pinakamainam na pagkakasunod-sunod, ngunit kung may nauna o nahuli rito, walang masama.

At mananatili siya sa Mina sa gabi ng ika-11. Kapag lumihis na ang araw (pagkatapos ng tanghali), babatuhin niya ang tatlong jamrah—magsisimula sa una, pagkatapos ang gitna, at pagkatapos ang 'Aqabah—bawat isa ay pitong bato, na nagsasabi ng "Allahu Akbar" sa bawat bato.

Ang oras ng pagbato sa araw ng 'Eid para sa may kakayahan ay mula sa pagsikat ng araw; at para sa mahihina ay mula sa huling bahagi ng gabi hanggang Fajr. At ang oras nito sa mga araw ng Tashriq ay mula sa paglihis ng araw (tanghali) hanggang Fajr.

At ang sinumang hindi kayang magbato nang sarili—dahil sa kabataan, katandaan, o sakit—maaari siyang magtalaga ng iba na babato para sa kanya. At walang masama na ang kinatawan ay magbato para sa kanyang sarili at para sa kanyang kinakatawan sa iisang pagkakataon, ngunit uunahin niya ang pagbato para sa kanyang sarili.

Kapag natapos ang pagbato sa ika-12 araw, tapos na ang Hajj, at ikaw ay may pagpipilian: kung nais mo, maaari kang magmadali at umalis sa Mina; at kung nais mo naman, manatili ka sa gabi ng ika-13 at magbato sa ika-13 araw—ang oras ng pagbato nito ay mula sa paglihis ng araw (tanghali) hanggang sa paglubog ng araw.

Kapag nais nang umalis ng nagsasagawa ng Hajj mula sa Makkah, magsasagawa siya ng tawaf al-wada‘ (pamamaalam). At ang babaeng may regla o bagong panganak ay hindi obligado sa tawaf na ito.[1]

O Allah, tulungan Mo kami sa pagsasagawa ng obligadong Hajj. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.

1 Tingnan: Ad-Diya’ al-Lami‘ fi al-Khutab al-Jawami‘ ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (2/189–191).

Ikalimang Aralin: Sunnah ng Pag-aalay (Udhiyah)

Papuri ay sa Allah na may-ari ng mga kaloob at biyaya, at ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa nagsagawa ng mga ritwal at mga Sunnah. At pagkatapos:

Tunay na kabilang sa mga dakilang paraan ng paglapit sa Allah—Luwalhati sa Kanya—sa mga araw ng Eid al-Adha ay ang pagkatay ng alay (udhiyah) mula sa mga hayop na kabilang sa al-an'am: kamelyo, baka, at tupa.

At tunay na dakila ang kahigitan ng pag-aalay (udhiyah): kabilang dito ang pagbuhay sa Sunnah ni Ibrahim (عليه السلام) nang utusan siya ng Allah—Kataas-taasan ang Kanyang Pangalan—ng pagkatay sa pinantubos para sa kanyang anak na si Isma'il (عليه السلام) sa Araw ng Nahr.

At kabilang dito ang: pagdakila sa mga ritwal o sagisag ng Allah.

قال تعالى: ﴿ذَٰلِكَ ۖ وَمَن يُعَظِّمْ شَعَـٰٓئِرَ ٱللَّهِ فَإِنَّهَا مِن تَقْوَى ٱلْقُلُوبِ﴾ [الحج: ٣٢]

"Iyan nga [iyon]. At sinuman ang dumakila sa mga sagisag [o ritwal] ng Allah, katotohanan, ito ay nagmula sa kabanalan [o kalinisan] ng mga puso."

At kabilang dito ang: pagkakaganap ng ritwal at pagtupad sa Sunnah ng mga Muslim.

فعن البراء ﷺ قال: قال النبي ﷺ: (مَنْ ذَبَحَ قَبْلَ الصَّلَاةِ فَإِنَّمَا يَذْبَحُ لِنَفْسِهِ وَمَنْ ذَبَحَ بَعْدَ الصَّلَاةِ فَقَدْ تَمَّ نُسُكُهُ وَأَصَابَ سُنَّةَ الْمُسْلِمِينَ) رواه البخاري ومسلم

Mula kay Al-Barra' (nawa'y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Propeta ﷺ: "Ang sinumang magkatay bago ang pagdarasal ('Eid), siya ay nagkatay lamang para sa kanyang sarili; at ang sinumang magkatay pagkatapos ng pagdarasal, tunay na natupad niya ang kanyang ritwal at nasunod niya ang Sunnah ng mga Muslim." Isinalaysay ito nina Al-Bukhari at Muslim.[1]

Allahu Akbar! Ito ay isinagawa ng Propeta ng Allah na si Ibrahim (عليه السلام) sa isang dakilang pangyayari na pinanatili ng Allah ang pagbanggit nito sa Qur'an.

قال تعالى: ﴿فَلَمَّا بَلَغَ مَعَهُ ٱلسَّعْىَ قَالَ يَـٰبُنَىَّ إِنِّىٓ أَرَىٰ فِى ٱلْمَنَامِ أَنِّىٓ أَذْبَحُكَ فَٱنظُرْ مَاذَا تَرَىٰ ۚ قَالَ يَـٰٓأَبَتِ ٱفْعَلْ مَا تُؤْمَرُ ۖ سَتَجِدُنِىٓ إِن شَآءَ ٱللَّهُ مِنَ ٱلصَّـٰبِرِينَ (١٠٢) فَلَمَّآ أَسْلَمَا وَتَلَّهُۥ لِلْجَبِينِ (١٠٣) وَنَـٰدَيْنَـٰهُ أَن يَـٰٓإِبْرَٰهِيمُ (١٠٤) قَدْ صَدَّقْتَ ٱلرُّءْيَآ ۚ إِنَّا كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ (١٠٥) إِنَّ هَـٰذَا لَهُوَ ٱلْبَلَـٰٓؤُا۟ ٱلْمُبِينُ (١٠٦) وَفَدَيْنَـٰهُ بِذِبْحٍ عَظِيمٍ﴾ [الصافات: ١٠٢-١٠٧]

"At nang siya [ang kanyang anak] ay nasa sapat na gulang [may kakayahang gumawa at maging karamay niya], siya ay nagsabi: "O aking anak, nakita ko sa aking panaginip na ikaw ay aking kinakatay [bilang alay]. Kaya, ano ang nasasaloob mo!" Siya [ang anak] ay nagsabi: "O aking ama, gawin mo po ang

1 Nauna na itong nabanggit (naitala) sa Ikalawang Pagtitipon.

ipinag-uutos sa iyo. Kung naisin ng Allah, ako po ay iyong matatagpuang kabilang sa [hanay ng] mga matiisin." (102) At nang sila ay kapwa tumalima [sa tagubilin ng Allah], at siya ay kanyang ikinatang sa kanyang pisngi; (103) Kami [ang Allah] ay nanawagan sa kanya: "O Abraham! (104) Iyong naisakatuparan ang panaginip!" Katotohanan, ganyan Namin binabayaran ang mga mapaggawa ng mga kabutihan. (105) Katotohanan, ito ay malinaw na pagsubok. (106). At siya ay Aming tinubos ng isang dakilang alay"

Umapaw sa luha ang kanyang mga mata,
pinahirapan siya at pinabigat ng panaginip,
ngunit ang pangitain ng isang propeta
ay katotohanan at utos na kanyang tinatanggap.

"At ako ay inutusan na ikaw ay katayin, aking anak,
kaya pag-isipan mo ang bagay na ito at ang kahihinatnan nito."
At sumagot ang anak nang walang pangamba:
"Gawin mo ang ipinag-uutos sa iyo, O aking ama.

Hindi ko susuwayin ang utos ng aking Panginoon,
sapagkat sino ba ang susuway sa kanyang Panginoon?
Hinugot ng ama ang kutsilyo,
at ang anak ay sumuko sa kanyang kapalaran.

Maingat niya itong inilapag sa noo,
upang hindi magkatagpo ang kanilang mga mata.
At ang buong daigdig ay nayanig sa mga panalangin
at pagsusumamo na tinanggap ng Allah.

Nagsumamo ang lupa, langit, at tubig
sa Kataas-taasang Kapulungan.
At sinabi ng Katotohanan: ang Aking awa
ay nauna sa Aking dakilang pagbibigay.

"Tunay na pinatotohanan mo ang pangitain—huwag kang malungkot,
O Ibrahim—kaya't tinubos Namin siya."

Ang anak ay butil ng puso—ngunit (Allahu Akbar) … dumating ang utos na katayin ang anak, at tunay na ito ang pinakamatinding pagsubok—ngunit (Allahu Akbar) … isinagawa ito ng ama ng mga tuwid, si Ibrahim.

﴿سَلَٰمٌ عَلَىٰٓ إِبۡرَٰهِيمَ ١٠٩ كَذَٰلِكَ نَجۡزِي ٱلۡمُحۡسِنِينَ ١١٠ إِنَّهُۥ مِنۡ عِبَادِنَا ٱلۡمُؤۡمِنِينَ﴾ [الصافات: ١٠٩-١١١]

"Kapayapaan kay Abraham!" (109) Ganyan Namin binabayaran ang mga mapaggawa ng kabutihan (110) Katotohanan, siya [si Abraham] ay isa sa Aming mga naniniwalang alipin."

At kay dakila ng kanyang anak na iaalay—si Isma'il—na inilagay sa harap ng kanyang mga mata ang (Allahu Akbar)… kaya sa Allah ang kanyang pagsunod, at (Allahu Akbar) ang kanyang paniniwala. Sumpa man sa Allah, hindi siya tumakas, hindi siya nanghina, at hindi siya nagrebelde—paano nga ba, samantalang (Allahu Akbar) ang kanyang baon.

At para sa Allah, ang ina ni Isma'il—si Hajar—sumpa man sa Allah, walang pusong katulad ng puso ng isang ina; ang kanyang nag-iisang anak ay inaakay para katayin, ngunit sumpa man sa Allah, hindi siya tumutol, hindi siya humarang, hindi siya pumigil—sapagkat ang nag-utos ay ang Allah, at ang Allah ang Pinakadakila.

Sumainyo ang mga pagpapala, kapayapaan, at biyaya ng Allah, O pamilya ni Ibrahim; sumainyo ang mga pagpapala, kapayapaan, at biyaya ng Allah, O mga tao ng tahanan. Tunay na Siya ay Kapuri-puri at Maluwalhati.

Allahu Akbar—dito nahahayag ang tunay na pananampalataya sa mga pagsubok at krisis; sapagkat may mga taong nananatiling matatag sa panahon ng biyaya, ngunit kapag dumating ang mga fitnah at pagsubok, doon lumilitaw ang pagbabago at paglihis.

قال تعالى: ﴿وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يَعۡبُدُ ٱللَّهَ عَلَىٰ حَرۡفٖۖ فَإِنۡ أَصَابَهُۥ خَيۡرٌ ٱطۡمَأَنَّ بِهِۦۖ وَإِنۡ أَصَابَتۡهُ فِتۡنَةٌ ٱنقَلَبَ عَلَىٰ وَجۡهِهِۦ﴾ [الحج:١١].

"At sa sangkatauhan ay may sumasamba sa Allah na nasa bingit. 472 Kapag siya ay datnan ng kabutihan, siya ay nagiging panatag sa pamamagitan nito; nguni't kapag siya ay datnan ng pagsubok, kanyang ibinabaling ang mukha [sa ibang dako]."

Allahu Akbar—para sa Allah sina Ibrahim at Isma'il: may katatagan sa oras ng pagkatay—na siyang pagdanas ng pagsubok—at may katatagan din sa oras ng biyaya sa pamamagitan ng pagpapasalamat, nang itinatayo ang marangal na Ka'bah.

Allahu Akbar—naipakita sa kuwento ni Ibrahim na ang pagtitiis ay sinusundan ng tagumpay, at kasama ng hirap ay ang ginhawa. Kaya dahil sa kanilang pagtitiis—pinalitan ito ng isang lalaking tupa bilang pantubos, at naging isang patuloy na Sunnah hanggang sa dumating ang Oras (Araw ng Paghuhukom).

Allahu Akbar—sa sukdulan ng kabutihan at rurok nito, sinabi ng anak sa kanyang ama:

﴿... يَٰٓأَبَتِ ٱفۡعَلۡ مَا تُؤۡمَرُۖ سَتَجِدُنِيٓ إِن شَآءَ ٱللَّهُ مِنَ ٱلصَّٰبِرِينَ﴾ [الصافات: ١٠٢]

"O aking ama, gawin mo po ang ipinag-uutos sa iyo. Kung naisin ng Allah, ako po ay iyong matatagpuang kabilang sa [hanay ng] mga matiisin."

Kaya't dumating ang Sunnah ng pag-aalay (udhiyah) na dakila sa paningin ng inyong Panginoon.

﴿وَلِكُلِّ أُمَّةٖ جَعَلۡنَا مَنسَكٗا لِّيَذۡكُرُواْ ٱسۡمَ ٱللَّهِ عَلَىٰ مَا رَزَقَهُم مِّنۢ بَهِيمَةِ ٱلۡأَنۡعَٰمِۗ فَإِلَٰهُكُمۡ إِلَٰهٞ وَٰحِدٞ فَلَهُۥٓ أَسۡلِمُواْۗ وَبَشِّرِ ٱلۡمُخۡبِتِينَ﴾ [الحج: ٣٤].

"At sa bawa't pamayanan Kami ay gumawa ng isang ritwal [ng pagkatay] upang kanilang banggitin ang Ngalan ng Allah sa anumang [kakataying] hayop na Kanyang ipinagkaloob [bilang panustos] para sa kanila. Sapagka't ang inyong Diyos ay isang Diyos [ang Allah], kaya kayo ay tumalima sa Kanya. At ikaw [O Muhammad] ay magbigay ng magandang balita sa mga mapagkumbaba [sa harap ng kanilang Panginoon]"

اللَّهُ أَكْبَرُ ﴿لَن يَنَالَ ٱللَّهَ لُحُومُهَا وَلَا دِمَآؤُهَا وَلَٰكِن يَنَالُهُ ٱلتَّقۡوَىٰ مِنكُمۡۚ كَذَٰلِكَ سَخَّرَهَا لَكُمۡ لِتُكَبِّرُواْ ٱللَّهَ عَلَىٰ مَا هَدَىٰكُمۡۗ وَبَشِّرِ ٱلۡمُحۡسِنِينَ﴾ [الحج: ٣٧].

Allahu Akbar ***"Hindi ang kanilang [laman] karne ang nakararating sa Allah o ang kanilang dugo kundi ang nakararating sa Kanya ay ang taqwa [mapitagang takot] mula sa inyo. Ganyan Namin itinalaga para sa inyo ang mga ito upang sakali ay inyong dakilain ang Allah para sa anumang Kanyang ipinatnubay sa inyo. At magbigay ng magandang balita sa mga mapaggawa ng kabutihan."***

Allahu Akbar—kumain kayo mula sa inyong mga alay, at magbigay kayo (bilang regalo), at magbahagi sa iba bilang kawanggawa.

﴿...فَكُلُواْ مِنۡهَا وَأَطۡعِمُواْ ٱلۡقَانِعَ وَٱلۡمُعۡتَرَّۚ كَذَٰلِكَ سَخَّرۡنَٰهَا لَكُمۡ لَعَلَّكُمۡ تَشۡكُرُونَ﴾ [الحج: ٣٦]

"...magsikain kayo sa mga ito at magpakain sa mga dukha [na hindi humihingi] at sa mga pulubi. Ganyan Namin itinalaga ang mga ito sa inyo upang sakali kayo ay [matutong] magpasalamat."

O Allah, bigyan Mo kami ng pag-unawa sa relihiyon, at gawin Mo kaming mga tumatayo (nananatili) sa Sunnah, O Panginoon ng lahat ng nilalang. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.

Ikaanim na Aralin: Mga Batas ng Pag-aalay (1)

Papuri ay sa Allah sa Kanyang kabutihan, at ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa kay Muhammad, Kanyang alipin at Sugo na nag-aanyaya sa Kanyang kaluguran. At pagkatapos:

Ang pag-aalay (udhiyah) ay may ilang mga batas; babanggitin natin ang ilan sa mga ito mula sa mga fatwa ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa.[1]

1- S*inabi ng Permanenteng Komite: "Ang pag-aalay (udhiyah) para sa sarili ng Muslim at para sa kanyang pamilya (na buhay) ay isang pinagtitibay na Sunnah (Sunnah Muakkadah) para sa may kakayahan. At ang pagkatay nito ay higit na mainam kaysa sa pagbibigay ng halaga nito bilang sadaqah; bilang pagsunod sa Propeta ﷺ."*

2- Pinahihintulutan ang pag-aalay mula sa lahat ng hayop na kabilang sa al-an'ām—kamelyo, baka, at tupa—kapag naabot na nila ang itinakdang edad na katanggap-tanggap para sa pag-aalay at ligtas sa mga depektong nakahahadlang sa pagtanggap nito. Kaya't hindi sapat ang tupa maliban kung ito ay anim na buwan pataas; ang kambing ay isang taon pataas; ang baka ay dalawang taon; at ang kamelyo ay limang taon pataas.

At kabilang sa mga depektong nakahahadlang sa pagiging tanggap (ng udhiyah): ang may kapansanan sa mata na halatang-halata, ang bulag, ang may sakit na lantad ang karamdaman, ang payat na halos walang laman (walang taba), at ang pilay na hindi makasunod sa kawan. Gayundin, ang tupang putol ang buntot. Ngunit kung ang tupa ay likas na walang buntot, ito ay tanggap. *At para sa kamelyo, baka, at kambing na putol ang buntot, ito ay tanggap din—ayon sa fatwa ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen.*[2]

Sinabi ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen: "Mayroon pang ibang mga depekto na hindi nakahahadlang sa pagiging tanggap (ng udhiyah), ngunit nagdudulot ng pagiging hindi kanais-nais (makruh), tulad ng: naputol o napunit ang tainga, at nabasag ang sungay. Tungkol naman sa pagkakatanggal ng mga ngipin o iba pa, hindi ito nakasasama (sa pagiging tanggap), ngunit habang mas buo at mas maayos ang hayop sa kanyang anyo at katangian, mas mainam ito. At ang kinapon (castrated) at ang hindi kinapon ay pareho lamang—kapwa ginamit ng Propeta ﷺ sa pag-aalay. At ang buntis ay tanggap din, gaya ng hindi buntis."[3]

3- Ang pakikibahagi sa udhiyah ay may dalawang uri:

---

1 Para sa aralin ng Mga Batas ng Pag-aalay (1) at (2), tingnan: Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksyon 11/393–424, at Ikalawang Koleksyon 10/416–417.

2 Sapagkat ang buntot ng kamelyo, baka, at kambing ay hindi itinuturing na mahalagang bahagi, bagkus ito ay karaniwang itinatapon. Tingnan: Buwanang Pagpupulong ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (43/1).

3 Ad-Diya' al-Lami' min al-Khutab al-Jawami' ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen, pahina 436.

1) Pakikibahagi sa pagmamay-ari: Na kung saan dalawa o higit pang tao ang magkakasamang nagmamay-ari ng isang udhiyah at mag-aalay nito—ito ay hindi pinahihintulutan at hindi wasto, maliban lamang sa kamelyo at baka na maaaring paghatian ng hanggang pitong tao.

2) Pakikibahagi sa gantimpala: Na ang may-ari ng udhiyah ay iisa, ngunit isinasama niya ang iba pang mga Muslim sa gantimpala nito—ito ay pinahihintulutan kahit gaano pa karami ang bilang nila.

4- *Sinabi ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen: "Kung sila ay isang pamilya na nakatira sa iisang bahay, sapat na para sa kanila ang isang udhiyah; sapagkat ang Propeta ﷺ ay nag-alay ng isang udhiyah para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya, at ang kanyang mga asawang kasama nya ay siyam, ngunit iisa lamang ang kanyang inialay para sa kanila. Subalit kung ang mga anak na ito ay bawat isa ay naninirahan sa magkakahiwalay na tahanan, kinakailangan sa bawat isa sa kanila ang mag-alay ng sariling udhiyah, at hindi sapat ang udhiyah ng ama para sa kanila."*[1]

At sinabi rin niya—kaawaan siya ng Allah—tungkol sa magkakapatid na nakatira sa iisang bahay: *"Kung iisa ang kanilang pagkain at iisa ang kanilang pinagsasaluhan, sapat na para sa kanila ang isang udhiyah; ang pinakamatanda ang mag-aalay para sa kanyang sarili at para sa mga kasama sa bahay. Ngunit kung bawat isa ay may sariling pagkain—ibig sabihin, may kanya-kanyang kusina—kung gayon bawat isa ay dapat mag-alay; sapagkat hindi sila magkakasalo sa pagkain at inumin."*[2]

5- *Sinabi ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa: "Ang pinakamainam na mga udhiyah ay ang kamelyo, pagkatapos ay ang baka, pagkatapos ay ang tupa, pagkatapos ay ang bahagi (share) sa isang kamelyo o baka."*

Ang ibig sabihin ng *bahagi* ay isang bahagi ng kamelyo o baka, sapagkat pinahihintulutan na paghatian ito ng hanggang pitong tao.

At *sinabi ng Komite tungkol sa paglalarawan ng pinakamainam na udhiyah na ito ay: "Ang pinakamalusog (mataba) at ang amlaḥ."* Ang *amlaḥ* ay yaong may puti at itim na kulay, at mas nangingibabaw ang puti.[3] At *sinabi rin ng Komite: "Ang pinakamainam ay yaong mas mahalaga sa may-ari nito at mas mataas ang halaga."*

6- *Sinabi ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa: "Pinahihintulutan ang pagkatay sa gabi at sa araw, at pareho ito para sa hady ng mutamatti' at qarin at sa udhiyah. Ang mga araw ng pagkatay ay: ang araw ng 'Eid at ang tatlong araw*

1 Buwanang Pagpupulong ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (16/33), at ito rin ang opinyon ni Abdulaziz Ibn Baz. Tingnan: Majmu' Fatawa ni Ibn Baz (18/37–38).
2 Buwanang Pagpupulong ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (34/19).
3 Tingnan: Sharh An-Nawawi 'ala Muslim (11/171).

pagkatapos nito, at nagtatapos sa paglubog ng araw sa ika-13 araw ng dhul hijjah (Ikatlong araw pagkatapos ng araw ng Eid)."[1]

Sinabi ni Abdulaziz Ibn Baz: "Ang pinakamainam ay sa araw ng 'Eid, pagkatapos ay ang ikalawa, pagkatapos ay ang ikatlo, at pagkatapos ay ang ikaapat."[2]

At ito rin ang fatwa ni *Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen, na nagsabi: "Ang araw ay mas mainam kaysa gabi, at ang unang araw ay mas mainam kaysa sa sumunod dito."*[3]

7- *Sinabi ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa: "Hindi pinahihintulutan ang pagkatay ng udhiyah sa oras ng Fajr ng 'Eid. Ang oras ng pagkatay sa araw ng 'Eid ay pagkatapos ng pagdarasal nito. At para sa mga walang pagdarasal (ng 'Eid) tulad ng nasa mga liblib na lugar, ito ay ayon sa tantiyang oras nito."*

At sinabi rin ng Komite: "Ang sinumang nagkatay ng kanyang udhiyah bago ang pagdarasal ng 'Eid, hindi ito tanggap bilang udhiyah; bagkus ito ay pagkain lamang na kanyang inihanda nang mas maaga para sa kanyang pamilya."

8- Inirerekomenda (mustahabb) na siya mismo ang magkatay kung kaya niya—ayon sa pinagkaisahang opinyon (ijma').[4]

Sinabi ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen: "Ang sinuman sa inyo na marunong magkatay ay siya na mismo ang magkatay ng kanyang udhiyah; at ang hindi marunong ay nararapat na dumalo sa pagkatay nito, sapagkat iyon ang mas mainam. At kung ito ay kinatay para sa kanya kahit wala siya roon, ito ay sapat na."[5]

O Allah, bigyan Mo kami ng tagumpay sa pagsunod sa Sunnah, at ipagkaloob Mo sa amin ang ganap na biyaya at kaloob. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.

1 Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksyon (22/464).

2 Mga Fatwa ng "Nur 'ala Ad-Darb" ni Abdulaziz Ibn Baz na inayos ni AsShuwai'ir (18/169).

3 Buwanang Pagpupulong ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (43/11).

4 Inilahad ni An-Nawawi ang ijma' sa kanyang Sharh sa Muslim (13/116).

5 Ad-Diya' al-Lami' min al-Khutab al-Jawami' ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen, pahina 436.

Ikapitong Aralin: Mga Batas ng Pag-aalay (2)

O Allah, sa Iyo ang papuri—pinarangalan Mo kami at binigyan Mo kami ng kabuhayan. O Allah, sa Iyo ang papuri—tinuruan Mo kami at pinatnubayan Mo kami. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa kay Muhammad bin Abdullah, ang aming Propeta at pinuno. At pagkatapos:

Ipinagpapatuloy natin ang mga batas ng pag-aalay:

9- *Sinabi ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen: "Ang Sunnah sa kamelyo ay katayin ito habang nakatayo, na ang kanang paa sa harap ay nakatali; lalapitan ito ng magkakatay mula sa kanang bahagi at tutusukin ito ng sibat sa bahaging pagitan ng ugat ng leeg at dibdib, pagkatapos ay babagsak ito."*

At sinabi niya: "Ang tamang paraan kung ang udhiyah ay mula sa tupa o kambing ay ihiga ito sa kaliwang tagiliran, ilagay ang paa sa leeg nito, at hawakan ng kaliwang kamay ang ulo nito hanggang luminaw ang lalamunan. Pagkatapos ay idadaan ang kutsilyo sa lalamunan, sa dalawang ugat, at sa esophagus (daanan ng pagkain) nang may lakas upang dumaloy ang dugo."[1] At ang pagkatay ng baka ay tulad din ng sa tupa.[2]

At sasabihin niya: "*Bismillah, Allahu Akbar. Allahumma minka wa laka 'anni' (kahulugan: Sa Ngalan ng Allah, ang Allah ang Pinakadakila. O Allah, ito ay mula sa Iyo at para sa Iyo—mula sa akin), kung ito ay para sa kanyang sarili; o 'an fulān' (para kay -banggitin ang pangalan-), kung ito ay para sa iba. At sasabihin din: 'Allahumma taqabbal minnī' (O Allah, tanggapin Mo mula sa akin), kung ito ay para sa kanyang sarili; o 'min fulān' (mula kay -banggitin ang pangalan-), kung ito ay para sa iba.*."[3]

At sinabi niya: "Ang pagsasabi ng 'Bismillah' ay obligadong gawin, samantalang ang 'Allahu Akbar' ay kanais-nais (mustahabb)."[4]

At kung hindi niya binanggit kung para kanino ito at umasa na lamang sa intensyon, walang masama rito. At ito ang fatwa ng dalawang iskolar na sina Abdulaziz Ibn Baz[5] at Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen.[6]

1 Mga Fatwa ng "Nur 'ala Ad-Darb" ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (5/2, 13/2).

2 Tingnan: Ad-Diya' al-Lami' min al-Khutab al-Jawami' ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen, pahina 442.

3 Ahkam al-Udhiyah wa adh-Dhakāh ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (13/2).

4 Ash-Sharh al-Mumti' ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (7/443).

5 Tingnan: Mga Fatwa ng "Nur 'ala Ad-Darb" ni Abdulaziz Ibn Baz na inayos ni Ash-Shuwai'ir (18/184).

6 Tingnan: Ad-Diya' al-Lami' min al-Khutab al-Jawami' ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen, pahina 441.

Sinabi ni Abdulaziz Ibn Baz: "Kung naiwan ang pagsasabi ng 'Bismillah' at 'Allahu Akbar' o isa sa mga ito dahil sa pagkalimot, wala siyang kasalanan."[1]

10- Pinahihintulutan sa nag-aalay na magtalaga ng kinatawan sa pagkatay ng kanyang udhiyah, kung ang kinatawan ay Muslim—ayon sa ijma' (pagkakaisa ng mga iskolar).[2] Kaya pinahihintulutan ang pagtatalaga sa mga mapagkakatiwalaang organisasyong kawanggawa upang magkatay ng mga alay sa loob man ng bansa o sa labas nito.

Ngunit binanggit ng ilang iskolar na mas nararapat na ang Muslim ay mag-alay sa kanyang sariling lugar at kasama ang kanyang pamilya, bilang pagpapakita ng ritwal at upang makamit ang Sunnah ng pagkain mula rito. At ito ang fatwa nina Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen at Salih al-Fawzan.[3]

11- Nagbigay ng fatwa si Shaykh Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen na: *Hindi pinahihintulot ang pag-aalay (udhiyah) para sa patay nang hiwalay —ibig sabihin, bilang kusang handog mula sa buhay para sa patay, sa halip, ito ay ipinahihintulot bilang kasabay, kung saan ang isang tao ay nag-aalay para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya, at ang kanyang pamilya ay kinabibilangan ng mga buhay at mga patay. Gayundin, ipinahihintulot ito kung ang namatay ay nag-iwan ng habilin para sa isang pag-aalay para sa kanya.*[4]

12- *Sinabi ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa: "Ang pag-aalay para sa patay: kung siya ay nag-iwan ng habilin para rito mula sa isang katlo ng kanyang ari-arian halimbawa, o isinama ito sa kanyang waqf (nakalaang kawanggawa), kinakailangan sa tagapangasiwa ng waqf o ng habilin na isakatuparan ito. At kung ang pag-aalay ay malinaw na nakasaad sa waqf o sa habilin, hindi pinahihintulutan ang kinatawan na palitan ito ng pagbibigay ng halaga nito bilang sadaqah."*

At sinabi rin nila: *"Ang udhiyah na iniutos sa habilin ay tulad ng anumang lehitimong udhiyah—kakain mula rito, ipamimigay bilang handog, at ipamamahagi bilang kawanggawa; at hindi maaaring baguhin ang nais ng naghabilin."*

13- *Sinabi ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa: "Ang higit na mainam ay kumain siya ng isang-katlo nito, magbigay ng isang-katlo bilang handog sa kanyang mga kamag-anak, kapitbahay, at mga kaibigan, at ipamahagi ang isang-katlo bilang kawanggawa sa mga mahihirap. At kung madagdagan o mabawasan ang mga bahaging ito, o kung makuntento sa ilan lamang dito, ay walang masama; sapagkat maluwag ang usaping ito."*

---

1 Ad-Durar al-Baziyyah 'ala Zad al-Ma'ad, pahina 2.

2 Inilahad ni Ibn Abd al-Barr ang ijma' sa At-Tamhid (2/107).

3 Tingnan: Liqa'at al-Bab al-Maftuh ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (91/8), at isang audio clip ni Salih al-Fawzan sa YouTube: https://www.youtube.com/watch?v=6JddjjSE8MY

4 Tingnan: Mga Fatwa ng "Nur 'ala Ad-Darb" ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (13/2).

14- *Sinabi ng Komite: "Walang masama na bigyan ang nagkatay mula rito, ngunit hindi ito bilang kabayaran sa kanyang trabaho; bagkus ang kanyang sahod ay ibibigay mula sa iba, hindi mula sa udhiyah."*

15- *Sinabi ni Shaykh ibn Uthaymeen: "Ang nagsasagawa ng Hajj ay hindi nag-aalay ng udhiyah, bagkus siya ay naghahandog ng hady. Kaya ang Propeta ﷺ ay hindi nag-alay ng udhiyah sa Hajj al-Wada' (Hajj ng pamamaalam) kundi naghandog ng hady. Ngunit kung ipagpalagay na ang isang nag-Hajj ay mag-isa at ang kanyang pamilya ay nasa kanyang bayan, dapat siyang mag-iwan sa kanila ng pera upang bumili ng udhiyah at mag-alay sila; siya ay maghahandog ng hady at sila naman ay mag-aalay ng udhiyah—sapagkat ang udhiyah ay isinasagawa sa mga lugar (bayan ng hindi nagsasagawa ng Hajj), samantalang sa Makkah ay hady ang isinasagawa."*[1]

16- *Sinabi ni Shaykh ibn Uthaymeen: "Ang Sunnah ay sapat na para sa buong mag-anak (na magkakasama sa iisang tahanan) ang isang udhiyah na isinasagawa ng pinuno ng tahanan..."*[2]

At ito rin ang ginawa ng Propeta ﷺ, na nag-alay ng isang udhiyah para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya.

O Allah, lubusin Mo sa amin ang Iyong patnubay, at gawin Mo ang aming pagsisikap na para sa Iyong kaluguran. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.

1 Buwanang Pagpupulong ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (34/10).

2 Mga Sesyon at Fatwa ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (3/115).

Ikawalong Aralin: Pag-aayuno at Panalangin sa Araw ng ‘Arafah

Sa Iyo ang papuri, aming Panginoon—papuring pumupuno sa mga langit at sa kanilang mga hangganan, at sa lupa, sa kalupaan at sa karagatan.
Sa Iyo ang papuri na laging kalakip ang pasasalamat sa Iyo; sa Iyo ang papuri sa una at sa huli.
At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ating Propeta Muhammad, ang Pinili, at sa kanyang pamilya, mga kasamahan, at mga tagasunod na may dangal at karunungan. At pagkatapos:

Sa buhay, ipinagkakaloob sa atin ng Ganap na Mapagbigay — sa Kanyang biyaya — ang mga panahon ng kabutihan na puno ng pagpapala.
Ang ating mga araw ay ang sampung araw na pinagkalooban ng kahigitan; kaya’t samantalahin mo ang mga ito sa mga mabubuting gawa.

At ang mga araw na ito ay nagpapatuloy nang sunud-sunod hanggang sa magwakas sa pinakamainam at pinakadakilang mga araw ng mundo: ang ikasiyam nito, ang Araw ng ‘Arafah, at ang ikasampu nito, ang Araw ng Nahr—ang Dakilang Araw ng Hajj.

Ang ika-siyam nito ay ang Araw ng ‘Arafah—isang araw na para sa mga mananampalataya ay isang yaman na inaasahan.

عَنِ عَائِشَةَ رضي الله عنها قالت: إِنَّ رَسُولَ اللهِ ﷺ قَالَ: (مَا مِنْ يَوْمٍ أَكْثَرَ مِنْ أَنْ يُعْتِقَ اللهُ فِيهِ عَبْدًا مِنَ النَّارِ، مِنْ يَوْمِ عَرَفَةَ، وَإِنَّهُ لَيَدْنُو، ثُمَّ يُبَاهِي بِهِمِ الْمَلَائِكَةَ، فَيَقُولُ: مَا أَرَادَ هَؤُلَاءِ؟) رواه مسلم

Mula kay ‘Aishah (nawa’y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: “Walang araw na mas marami ang pinalalaya ng Allah na alipin mula sa impyerno kaysa sa Araw ng ‘Arafah. At tunay na Siya ay lumalapit, pagkatapos ay ipinagmamalaki Niya sila sa mga anghel, at nagsasabi: ‘Ano ang nais ng mga ito?’”
Isinalaysay ito ni Muslim.[1]

At umaapaw ang kapatawaran at biyaya ng Allah sa mga mananampalataya sa iba’t ibang mga lugar, kaya’t kanilang natatamo mula sa Kanyang kapatawaran at pagpapalaya (mula sa Apoy ng impyerno) ang ikagagalak ng kanilang mga mata..

Sinabi ni Ibn Rajab: “Ang Araw ng ‘Arafah ay araw ng pagpapalaya mula sa Apoy; kaya pinalalaya ng Allah mula sa Apoy ng impyerno ang mga tumayo (nanatili) sa ‘Arafah at maging ang mga hindi nanatili roon mula sa mga Muslim sa iba’t ibang lugar. Kaya naging ‘Eid ang araw na kasunod nito para sa lahat ng mga Muslim sa lahat ng lugar—maging yaong dumalo sa Hajj o hindi—dahil sa kanilang pagkakabahagi sa pagpapalaya at kapatawaran sa Araw ng ‘Arafah.”[2]

At nang itinatagubilin ng Allah sa mga nagsasagawa ng Hajj ang pagtayo (pananatili) sa ‘Arafah, itinatagubilin naman sa iba ang pag-aayuno sa araw na

1 Sahih Muslim (1348).

2 Lata’if al-Ma’arif ni Ibn Rajab, pahina 276.

iyon upang makamit nila mula sa Allah ang pinakadakilang kaluguran. Nabanggit sa Sahih Muslim ang kabutihan ng pag-aayuno sa Araw ng ‘Arafah.

عن أبي قتادة ﷺ قال: قال رسول الله ﷺ: (صِيَامُ يَوْمِ عَرَفَةَ أَحْتَسِبُ عَلَى اللهِ أَنْ يُكَفِّرَ السَّنَةَ الَّتِي قَبْلَهُ، وَالسَّنَةَ الَّتِي بَعْدَهُ.)

Mula kay Abu Qatadah (nawa’y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: “Ang pag-aayuno sa Araw ng ‘Arafah, inaasahan ko sa Allah na magpapawi ng kasalanan ng nakaraang taon at ng susunod na taon.”[1]

At ang malinaw sa Sunnah, ito ay nagpapawi ng maliliit na kasalanan (sagha’ir), samantalang ang malalaking kasalanan (kaba’ir) ay nangangailangan ng pagsisisi (tawbah).

Sinabi ni Shaykh ibn Uthaymeen:

النبي ﷺ قال: (الصلوات الخمس والجمعة إلى الجمعة ورمضان إلى رمضان مكفرات لما بينهن ما لم تغشَ الكبائر) قالوا – أي العلماء - فإذا كانت الصلاة المفروضة وهي أفضل أعمال البدن لا تكفر إلا إذا ترك الكبائر فغيرها من باب أولى.

“Sinabi ng Propeta ﷺ: ‘Ang limang obligadong pagdarasal, ang Jumu‘ah hanggang sa susunod na Jumu‘ah, at ang Ramadhan hanggang sa susunod na Ramadhan ay mga pampawi ng kasalanan sa pagitan ng mga ito, hangga’t iniiwasan ang malalaking kasalanan.”

Kaya sinabi ng mga iskolar: kung ang obligadong pagdarasal—na siyang pinakamainam na gawain ng katawan—ay hindi nagpapawi maliban kung iiwasan ang malalaking kasalanan, lalong higit ang iba (pang mga gawain).[2]

At kabilang sa dapat bigyang-pansin ay ang pag-aayuno sa Araw ng ‘Arafah na kabilang sa boluntaryong pag-aayuno (nafl) na hindi kinakailangan ang pagtakda ng niyyah mula pa sa gabi. Kaya kung siya ay nagising sa umaga na hindi kumain at hindi uminom, at pagkatapos ay nagbalak mag-ayuno sa araw na iyon, ito ay pinahihintulutan sa boluntaryong pag-aayuno. At ito ang fatwa ni Salih al-Fawzan at ng iba pang mga iskolar.[3]

والدليل: عموم حديث: عائشة أم المؤمنين رضي الله عنها، حيث قالت: (دخل علي النبي ﷺ ذات يوم، فقال: هل عندكم شيء؟ فقلنا: لا. قال: فإني إذا صائم) رواه مسلم.

At ang patunay ay ang pangkalahatang kahulugan ng hadith ni ‘Aishah, Ina ng mga Mananampalataya (nawa’y kalugdan siya ng Allah), na nagsabi: “Pumasok sa akin

1 Nauna na itong nabanggit (naitala) sa Unang Pagtitipon.

2 Mga Fatwa ng “Nur ‘ala Ad-Darb” ni Muhammad ibn Salih al-Uthaymeen (2/11), at ito rin ang fatwa ni Abdulaziz Ibn Baz. Tingnan: Mga Fatwa ng “Nur ‘ala Ad-Darb” ni Ibn Baz na inayos ni Ash-Shuwai‘ir (16/452).

3 Tingnan: Mga Fatwa ng mga Aral ni Salih al-Fawzan (video sa YouTube): https://www.youtube.com/watch?v=yI5CdK9USG0

ang Propeta ﷺ isang araw at sinabi: 'Mayroon ba kayong anumang pagkain?' Sinabi namin: 'Wala.' Sinabi niya: 'Kung gayon, ako ay mag-aayuno.'" Isinalaysay ito ni Muslim.[1]

At may ilan na nagtatanong tungkol sa pag-aayuno sa Araw ng 'Arafah kung may utang na pag-aayuno (qada'). *Sinagot ito ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa sa pagsasabing: "Walang masama na mag-ayuno sa Araw ng 'Arafah bilang kabayaran (qada'), at ito ay sapat na bilang qada'; ngunit hindi niya makakamit ang partikular na gantimpala ng pag-aayuno sa 'Arafah, dahil walang patunay para rito."*[2]

At nararapat na paalalahanan ang pamilya, mga anak, at mga kasambahay na Muslim at hikayatin sila na mag-ayuno sa Araw ng 'Arafah. Sapagkat sinabi ni Sa'id bin Jubayr:

أيقظوا خدَمَكُم يتسحَّرُون لصوم يوم عرفة
"Gisingin ninyo ang inyong mga kasambahay upang magsahur para sa pag-aayuno sa Araw ng 'Arafah."[3]

At kabilang sa dapat bigyang-pansin sa Araw ng 'Arafah ay ang takbīr na muqayyad pagkatapos ng mga obligadong pagdarasal para sa hindi nagsasagawa ng Hajj—na nagsisimula mula sa Fajr ng Araw ng 'Arafah hanggang sa 'Asr ng huling araw ng Tashriq.[4]

فقد جاء عن علي ﷺ : (أنه كان يكبر بعد صلاة الصبح من يوم عرفة إلى صلاة العصر من آخر أيام التشريق ويكبر بعد العصر) رواه ابن أبي شيبة وصححه الألباني.

Mula kay 'Ali (nawa'y kalugdan siya ng Allah): "Siya ay nagsasabi ng takbīr pagkatapos ng pagdarasal ng Fajr sa Araw ng 'Arafah hanggang sa pagdarasal ng 'Asr sa huling araw ng Tashriq, at siya ay nagsasabi ng takbīr pagkatapos ng 'Asr." Isinalaysay ito ni Ibn Abi Shaybah at pinatunayang sahih ni Al-Albani.[5]

At ipinahihintulot ang panalangin (du'ā') sa Araw ng 'Arafah para sa mga hindi nagsasagawa ng Hajj; sapagkat ito ay isa sa mga araw ng sampu na ang mabubuting gawa rito ay higit na minamahal ng Allah kaysa sa iba. At kabilang sa pinakadakilang mabubuting gawa ay ang panalangin.

At kung ang hindi nagsasagawa ng Hajj ay nag-aayuno, ang panalangin ng nag-aayuno ay tinatanggap, ayon sa mga hadith. At dito ay may pakikibahagi sa

1 Sahih Muslim (1154).

2 Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksyon (10/397).

3 Siyar A'lam an-Nubala' ni Adh-Dhahabi (4/326).

4 Tingnan: Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksyon (8/311).

5 Musannaf ni Ibn Abi Shaybah (5631), at pinatunayang sahih ni Al-Albani sa Irwa' al-Ghalil (3/125).

gantimpala kasama ng kanilang mga kapatid na nagsasagawa ng Hajj. At ito ang fatwa ni Salih al-Fawzan[1]

فعن عمرو بن شعيب، عن أبيه، عن جده ﷺ أن النبي ﷺ، قال: (خَيْرُ الدُّعَاءِ دُعَاءُ يَوْمِ عَرَفَةَ وَخَيْرُ مَا قُلْتُ أَنَا وَالنَّبِيُّونَ مِنْ قَبْلِي لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ) رواه الترمذي وحسنه الألباني.

Mula kay ‘Amr bin Shu‘ayb, mula sa kanyang ama, mula sa kanyang lolo (nawa’y kalugdan siya ng Allah), na ang Propeta ﷺ ay nagsabi: “Ang pinakamainam na panalangin ay ang panalangin sa Araw ng ‘Arafah. At ang pinakamainam na sinabi ko at ng mga propeta bago ako ay: La ilaha illa Allah wahdahu la sharika lah, lahul-mulk wa lahul-hamd wa huwa ‘ala kulli shay’in qadir (Walang diyos na karapat-dapat sambahin kundi ang Allah lamang; wala Siyang katambal. Sa Kanya ang paghahari at sa Kanya ang papuri, at Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay).”
Isinalaysay ito ni At-Tirmidhi at ginawang (hasan) ni Al-Albani.[2]

O Allah, bigyan Mo kami ng kakayahan na mag-ayuno sa Araw ng ‘Arafah, at burahin Mo ang aming mga kasalanan at patawarin Mo kami. O Allah, tanggapin Mo ang aming mga panalangin at linisin Mo ang aming mga pagkakamali. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.

1 Audio clip ni Salih al-Fawzan sa YouTube: https://www.youtube.com/watch?v=wPjoSa1f26g
2 Sunan At-Tirmidhi (3509), at Sahih Sunan At-Tirmidhi ni Al-Albani.

Ikasiyam na Aralin: Eid al-Adha

Papuri ay sa Allah sa ganap na pagkakaganap. Pinupuri ko Siya at pinasasalamatan, sapagkat sa Kanya—Luwalhati sa Kanya—ang kagandahang-loob, karangalan, at mga biyaya. At ako ay humihiling ng pagpapala at kapayapaan para sa isinugo bilang awa sa sangkatauhan. At pagkatapos:

Itinakda ng Allah—Dakila at Kataas-taasan—ang Araw ng ‘Eid al-Adha upang ikagalak ng mga Muslim. Mayroon itong salah na isinasagawa sa umaga nito para sa Allah, kung saan sila ay sumasamba at nagpapasalamat sa Kanyang mga biyaya, at inaalala ang Allah—at nilalaksan nila ang kanilang mga tinig sa pagbigkas ng takbir.

At ang dakilang araw na ito ay may mga adab (asal) at mga kanais-nais na gawain: inirerekomenda ang pagpapabango sapagkat ito ay araw ng pagtitipon at pag-aayos ng sarili; at inirerekomenda na lumabas patungo sa pagdarasal ng ‘Eid na nasa pinakamainam na anyo at kaayusan.

فعن نافع: (أن ابنَ عمر كان يلبسُ في العيدينِ أحسنَ ثيابه) رواه البيهقي وصححه ابن رجب.

Mula kay Nafi‘: “Si Ibn ‘Umar ay nagsusuot sa dalawang ‘Eid ng kanyang pinakamainam na mga damit.” Isinalaysay ito ni Al-Bayhaqi at pinatunayang sahih ni Ibn Rajab.[1]

At ang dakilang araw na ito ay may mga batas na binanggit ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa[2], at ang ilan sa mga ito ay:

1/ Ipinag-uutos sa Eid al-Adha ang takbīr na mutlaq (walang takdang oras) at muqayyad (may takdang oras). Ang takbīr na mutlaq ay sa lahat ng oras mula sa pagpasok ng buwan ng Dhul-Hijjah hanggang sa huling mga araw ng Tashriq. Samantala, ang takbīr na muqayyad ay pagkatapos ng mga obligadong pagdarasal, mula sa Fajr ng Araw ng ‘Arafah hanggang sa ‘Asr ng huling araw ng Tashriq. At pinatutunayan ang pagiging lehitimo nito ng ijma‘ (pagkakaisa ng mga iskolar) at ng ginawa ng mga Sahabah. Ang bawat isa ay nagsasabi ng takbīr nang mag-isa at malakas, sapagkat walang napatunayang sabayang takbīr mula sa Propeta ﷺ.

At kabilang sa mga naiulat na paraan ng takbīr

عن شريك، قال: قلت لأبي إسحاق: كيف كان يكبر علي وعبد الله بن مسعود؟ قال كانا يقولان: (اللَّهُ أَكْبَرُ، اللَّهُ أَكْبَرُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكْبَرُ، اللَّهُ أَكْبَرُ، وَلِلَّهِ الْحَمْدُ)، رواه ابن أبي شيبة في مصنفه.

Mula kay Sharik, sinabi niya: Tinanong ko si Abu Ishaq: “Paano nagsasabi ng takbīr sina ‘Ali at ‘Abdullah bin Mas‘ud?” Sinabi niya: Sila ay nagsasabi: “Allahu Akbar,

1 As-Sunan al-Kubra ni Al-Bayhaqi (6143), at Fath al-Bari ni Ibn Rajab (8/414).

2 Tingnan: Mga Fatwa ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa, Unang Koleksyon (8/283–320) at Ikalawang Koleksyon (7/143–166).

Allahu Akbar, La ilaha illa Allah, Allahu Akbar, Allahu Akbar, wa lillahil-hamd."
Isinalaysay ito ni Ibn Abi Shaybah sa kanyang Musannaf.[1]

Tungkol naman sa paraan ng takbīr na muqayyad pagkatapos ng mga pagdarasal, walang napatunayang tiyak na bilang o partikular na paraan sa Qur'an o sa Sunnah—bagkus ito ay dumating sa pangkalahatang anyo ng pag-alaala (dhikr).

2/ Ipinag-uutos sa umaga ng araw ng 'Eid ang pagdarasal ng Eid al-Adha. Ito ay *fard kifayah* para sa mga lalaki, at Sunnah para sa mga babae. Pinahihintulutan ang babae na magdasal nito sa musalla kasama ng mga Muslim, sapagkat iniutos ito ng Propeta ﷺ.

3/ Sa pagdarasal ng 'Eid, may pitong takbīr sa unang rak'ah at anim sa ikalawa. Itinataas ang mga kamay sa bawat takbīr, at kanais-nais na magpuri sa Allah, magtasbih, magtakbīr, at magpadala ng salawat sa Propeta ﷺ sa pagitan ng bawat dalawang takbīr.

4/ Kung ang pagdarasal ng 'Eid ay sa musalla, hindi isinasagawa ang tahiyyat al-masjid. Ngunit kung ito ay sa masjid, isinasagawa ang tahiyyat al-masjid.

5/ Ang sinumang hindi nakaabot at nais itong bayaran (Qada'), inirerekomenda ito; at isinasagawa niya ito sa parehong paraan ngunit walang khutbah pagkatapos.

6/ Ang sinumang dumating habang ang imam ay nagbibigay ng khutbah ng 'Eid, mas mainam na makinig muna sa khutbah, pagkatapos ay magdasal ng 'Eid upang makamit ang dalawang kabutihan.

7/ Ang pag-upo ng mga makikinig at pakikinig sa khutbah ng 'Eid ay Sunnah.

8/ Hindi pinahihintulutan ang pag-aayuno sa araw ng 'Eid, sapagkat napatunayan sa mga sahih na hadith ang pagbabawal sa pag-aayuno sa dalawang 'Eid—Eid al-Fitr at Eid al-Adha.

9/ Kapag nagkataon na ang araw ng 'Eid ay tumapat sa araw ng Jumu'ah, maaaring hindi na dumalo sa Jumu'ah ang sinumang nakapagdasal na ng 'Eid—maliban sa imam. Siya ay dapat pa ring magsagawa ng Jumu'ah para sa sinumang dadalo. At ang hindi dumalo sa Jumu'ah ay magdarasal ng Dhuhr sa oras nito. Gayunpaman, ang pagdalo sa Jumu'ah at pagdarasal kasama ng mga tao ay mas mainam.

10/ Naiulat ang pagbati sa 'Eid pagkatapos ng pagdarasal ng 'Eid mula sa ilang mga Sahabah, tulad ng pagsasabi: "Taqabbalallahu minna wa minkum" "Tanggapin nawa ng Allah mula sa amin at sa inyo."[2]

1 Musannaf ni Ibn Abi Shaybah (5699).
2 Isinalaysay ito ni Al-Muhamili (2/218) sa "Salat al-'Eidayn," at iniugnay ito ni As-Suyuti sa "Al-Hawi lil-Fatawi" (1/94) kay Zahir bin Tahir sa aklat na "Tuhfat 'Eid al-Fitr," at kay Abu Ahmad Al-

O Allah, tanggapin Mo ang aming mga pagsamba, at pasayahin Mo kami sa aming ‘Eid bilang mga tinanggap at kinahabagan, O Panginoon ng mga nilalang. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.

Fardi sa kanyang Mashyakhah. At pinaganda (hasan) ito ni As-Suyuti, gayundin ni Ibn Hajar al-Asqalani sa “Fath al-Bari” (2/446).

Ikasampung Aralin: Ang Araw ng ‘Eid ay Araw ng Pakikipag-ugnayan

Papuri ay sa Allah—Siya ang nag-uugnay sa sinumang nag-uugnay, at tunay na kumapit ang sinumang kumapit sa Kanyang lubid. At ako ay humihiling ng pagpapala at kapayapaan para sa Kanyang alipin at Sugo, ang unang pinuno. At pagkatapos:

Allahu Akbar, Allahu Akbar, La ilaha illa Allah, Allahu Akbar, Allahu Akbar, wa lillahil-hamd.

Allahu Akbar—ang araw ng ‘Eid ay araw ng pagpapanatili ng ugnayan ng mga kamag-anak; At narito ang ugnayang ito na tila kumakapit sa Trono ng Pinakamaawain, at ito ay kinalulugdan ng kanyang Panginoon.

جاء في الحديث عن أبي هريرة، قال: قال رسول الله ﷺ: (إِنَّ اللهَ خَلَقَ الْخَلْقَ حَتَّى إِذَا فَرَغَ مِنْهُمْ قَامَتِ الرَّحِمُ، فَقَالَتْ: هَذَا مَقَامُ الْعَائِذِ مِنَ الْقَطِيعَةِ، قَالَ: نَعَمْ، أَمَا تَرْضَيْنَ أَنْ أَصِلَ مَنْ وَصَلَكِ، وَأَقْطَعَ مَنْ قَطَعَكِ؟ قَالَتْ: بَلَى، قَالَ: فَذَاكِ لَكِ، "ثُمَّ قَالَ رَسُولُ اللهِ ﷺ : اقْرَءُوا إِنْ شِئْتُمْ: ﴿فَهَلْ عَسَيْتُمْ إِن تَوَلَّيْتُمْ أَن تُفْسِدُواْ فِي ٱلْأَرْضِ وَتُقَطِّعُوٓاْ أَرْحَامَكُمْ (٢٢) أُوْلَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ لَعَنَهُمُ ٱللَّهُ فَأَصَمَّهُمْ وَأَعْمَىٰٓ أَبْصَٰرَهُمْ (٢٣) أَفَلَا يَتَدَبَّرُونَ ٱلْقُرْءَانَ أَمْ عَلَىٰ قُلُوبٍ أَقْفَالُهَآ﴾) رواه البخاري ومسلم.

Mula kay Abu Hurayrah (nawa’y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: “Tunay na nilikha ng Allah ang mga nilalang, at nang matapos Niya sila, tumindig ang ugnayan ng pagkakamag-anak at nagsabi: ‘Ito ang kalagayan ng nagpapakupkop laban sa pagputol (ng ugnayan).’ Sinabi Niya: ‘Oo, hindi ka ba nasisiyahan na Aking ugnayin ang sinumang nag-uugnay sa iyo at Aking putulin ang sinumang pumuputol sa iyo?’ Sinabi nito: ‘Oo.’ Sinabi Niya: ‘Iyon ay para sa iyo.’” Pagkatapos ay sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: “Basahin ninyo kung nais ninyo: ﴿Kaya, magagawa ba ninyo, kung kayo ay magsitalikod, ang maghasik ng katiwalian sa kalupaan at putulin ang inyong [ugnayang] kamag- anakan? (22) Sila yaong mga isinumpa ng Allah, kaya sila ay ginawang mabingi at binulag ang kanilang mga paningin.(23) Hindi ba nila napag-iisipan [nang buong puso] ang Qur’an, o ang kanila bang mga puso ay may mga susian [upang sila ay hindi makaunawa]?﴾
Isinalaysay ito nina Al-Bukhari at Muslim. [1]

At ang pagpapanatili ng ugnayan ng pagkakamag-anak (silat ar-rahim) ay para sa ama at ina, mga kapatid na lalaki at babae, mga anak, mga lolo at lola, mga anak ng kapatid na lalaki at babae, mga tiyuhin at tiyahin sa ama at kanilang mga anak, mga tiyuhin at tiyahin sa ina at kanilang mga anak, at lahat ng mga kamag-anak.

1 Sahih Al-Bukhari (4455), at Sahih Muslim (2554)—at ito ang kanyang pananalita.

Ngunit sila ay magkakaiba sa antas ng karapatan sa ugnayan—ang pinakamalapit sa iyo ang siyang may higit na karapatan sa iyong kabutihan at pakikitungo; ayon sa sinabi ng Propeta ﷺ nang siya ay tanungin ng ilan sa mga tao:

يا رسول الله، (مَنْ أَبَرُّ؟ قَالَ: «أُمَّكَ» ، قُلْتُ: مَنْ أَبَرُّ؟ قَالَ: «أُمَّكَ» ، قُلْتُ: مَنْ أَبَرُّ؟ قَالَ: «أُمَّكَ» ، قُلْتُ: مَنْ أَبَرُّ؟ قَالَ: «أَبَاكَ، ثُمَّ الْأَقْرَبَ فَالْأَقْرَبَ) رواه البخاري في الأدب المفرد والترمذي وحسنه الألباني.

"O Sugo ng Allah, sino ang higit kong dapat pagpakitaan ng kabutihan?" Sinabi niya: "Ang iyong ina." Sinabi ko: "Pagkatapos sino?" Sinabi niya: "Ang iyong ina." Sinabi ko: "Pagkatapos sino?" Sinabi niya: "Ang iyong ina." Sinabi ko: "Pagkatapos sino?" Sinabi niya: "Ang iyong ama, pagkatapos ang pinakamalapit, at ang susunod na pinakamalapit." Isinalaysay ito sa *Al-Adab al-Mufrad* ni Al-Bukhari at sa Sunan ni At-Tirmidhi, at ginawang (hasan) ni Al-Albani.[1]

At ang pagpapanatili ng ugnayan ng pagkakamag-anak ay sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan sa mga kamag-anak—tulad ng pagdalaw, pag-abot ng tulong, at pagtulong sa kanilang pangangailangan.[2]

Kaya ingatan ninyo ang silat ar-rahim, Kaya't katakutan ninyo si Allah at pag-ibayuhin ang pagpapanatili ng ugnayan sa inyong mga kamag-anak. O mga tagapag-alaga at pinuno ng pamilya na nagsisikap magdugtong ng ugnayan. Isama ninyo sa inyong pakikipag-ugnayan ang mga ipinagkatiwala sa inyo—ang inyong mga anak at iba pa—upang makilala nila ang kanilang mga kamag-anak at lumaki silang may pagpapahalaga sa ugnayan. Sapagkat ang pagkakalayo-layo ng mga magkakamag-anak ay madalas nagmumula sa kakulangan ng pagdalaw at kawalan ng kaalaman ng mga anak sa kanilang pinagmulan (lahi) at mga kamag-anak, at hindi nila nakikilala ang kanilang mga malalapit na kamag-anak.

Allahu Akbar—ang araw ng 'Eid ay araw din ng pakikipag-ugnayan sa mga kapatid sa pananampalataya, mga kaibigan, mga kapitbahay, at mga kasamahan. Ilang beses nang pinalapit ng 'Eid ang malayo, at at sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ay lalo nitong pinasaya ang pagdiriwang ng Eid.

Ang 'Eid ay panahon ng pakikipag-ugnayan at pagdalaw.

عن معاذ بن جبل ﷺ قال: سمعت رسول الله ﷺ يقول: (قَالَ الله -عَزَّ وَجَلَّ-: وَجَبَتْ مَحَبَّتِي لِلْمُتَحَابِّينَ فِيَّ، وَالْمُتَجَالِسِينَ فِيَّ، وَالْمُتَزَاوِرِينَ فِيَّ، وَالْمُتَبَاذِلِينَ فِيَّ) رواه مالك وأحمد وصححه الألباني.

1 Al-Adab al-Mufrad ni Al-Bukhari (3), Sunan At-Tirmidhi (1819), at Sahih Al-Adab al-Mufrad ni Al-Albani. **Tingnan: Mga Fatwa ng Permanenteng Komite (25/297).**

2 Tingnan: Mga Fatwa ng Permanenteng Komite (25/294).

Mula kay Mu'adh bin Jabal(nawa'y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Narinig ko ang Sugo ng Allah ﷺ na nagsabi: "Sinabi ng Allah—Makapangyarihan at Kataas-taasan—: Naging karapat-dapat ang Aking pagmamahal para sa mga nagmamahalan dahil sa Akin, sa mga nagtitipon dahil sa Akin, sa mga nagdadalaw-dalaw dahil sa Akin, at sa mga nagbibigay sa isa't isa dahil sa Akin." Isinalaysay ito nina Malik at Ahmad, at pinatunayang sahih ni Al-Albani.[1]

Kaya ang pagmamahal ng Allah ay nakalaan sa sinumang dumadalaw sa kanyang kapatid dahil sa Kanya. At ang sinumang minamahal ng Allah—wala kang dapat ikatakot sa kanyang kahihinatnan.

At ang pagdalaw dahil sa Allah ay may pangakong gantimpala—isang pagtanggap at tirahan sa Paraiso.

فعن أبي هريرة ﷺ قال: قال رسول الله ﷺ: (مَنْ عَادَ مَرِيضًا أَوْ زَارَ أَخًا لَهُ فِي اللَّهِ نَادَاهُ مُنَادٍ أَنْ طِبْتَ وَطَابَ مَمْشَاكَ وَتَبَوَّأْتَ مِنْ الْجَنَّةِ مَنْزِلًا) رواه الترمذي وابن ماجه وحسنه الألباني.

Mula kay Abu Hurayrah (nawa'y kalugdan siya ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Ang sinumang dumalaw sa maysakit o bumisita sa kanyang kapatid para sa Allah, may tatawag sa kanya: 'Ikaw ay naging mabuti, naging mabuti ang iyong paglakad, at ikaw ay nagkaroon ng isang tahanan sa Paraiso.'" Isinalaysay ito nina At-Tirmidhi at Ibn Majah at pinaganda (hasan) ni Al-Albani.[2]

Nang dahil sa Allah, Kay rami ng naidudulot ng pagdalaw—paglalapit ng mga damdamin at ang pagtugon ng mga ito sa isa't isa, at paglalapit ng mga puso matapos ang pagkakahiwalay, at pagkakatipon ng mga kalooban sa pagkakaisa at kapayapaan.

Kaya nararapat sa mga tao ng 'Eid na huwag maliitin ang pakikipag-ugnayan, at iwasan ang labis na pagpapahirap sa sarili. Ipaalaala rin ang kahalagahan ng pagpaparangal (pag-asikaso) sa panauhin

بحديث نبينا ﷺ القائل (مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيُكْرِمْ ضَيْفَهُ).

ayon sa sinabi ng Propeta ﷺ: "Ang sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling Araw ay dapat magparangal sa kanyang panauhin."[3]

Kay ganda ng 'Eid kung ito ay magiging araw ng ugnayan at pagpapatawad—Allahu Akbar, higit ang Allah kaysa sa mundong pinagtatalunan natin at dahilan

1 Muwatta' ni Malik (1779), Musnad Ahmad (22380), at Sahih At-Targhib wa At-Tarhib ni Al-Albani (2581).

2 Sunan At-Tirmidhi (1931), Sunan Ibn Majah (1443), at Sahih Sunan Ibn Majah ni Al-Albani.

3 Sahih Al-Bukhari (5559), Sahih Muslim (47).

ng ating paghihiwalay. Ipagdugtong ninyo ang ugnayang naputol—sapagkat ang Allah ang Pinakadakila—sa ‘Eid na kung saan ang pagkakaisa ay muling nabubuo.

Patawarin ninyo ang mga pagkakamali, magpalampas sa mga pagkukulang, at makipag-ugnayan bago dumating ang kamatayan.

Halina’t magpatawaran tayo sa araw ng ating ‘Eid,
sapagkat walang tunay na nagwagi sa mga ‘Eid kundi ang mapagpatawad.

Huwag kayong magparami ng paninisi, at hayaan nyong malayo sa inyo ang panunumbat,
sapagkat ang kamatayan ay dumarating at lumilipas.

Nananawagan ako sa bawat isa na may puwang o lamat sa pagitan niya at ng isa sa kanyang mga minamahal na humingi ng tulong sa Allah upang ito ay mapunan at maalis. At katiyakan na tutulungan siya ng Allah kung siya ay tapat, sapagkat Siya—Luwalhati sa Kanya—ang nagsabi:

﴿إِنْ يُرِيدَا إِصْلَاحًا يُوَفِّقِ اللَّهُ بَيْنَهُمَا﴾ [النساء: ٣٥]

“Kung nais nilang mag-ayos, pagkakalooban sila ng Allah ng pagkakasundo sa pagitan nila.”

O Allah, gabayan Mo kami sa mabuting pakikipag-ugnayan, at patawarin Mo ang aming mga pagkukulang. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.

Ikalabing-isang Aralin: Mga Araw ng Tashriq

Papuri ay sa Allah—pinapasaya Niya kami sa ‘Eid. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa sa nagturo at gumabay sa amin sa Sunnah. At pagkatapos:

Ang mga Araw ng Tashriq ay: ang ika-11, ika-12, at ika-13 ng buwan ng Dhul-Hijjah.

Sinabi ni Al-Nawawi: “At ang mga Araw ng Tashriq ay tatlo pagkatapos ng Araw ng Nahr. Tinawag ito sa pangalang iyon dahil sa ginagawa ng mga tao na tashrīq sa karne ng mga inialay—na ang ibig sabihin ay ang pagpapatuyo at pagbilad nito sa araw.”[1]

Ipinag-uutos sa mga Araw ng Tashriq ang takbīr na mutlaq sa lahat ng oras hanggang sa paglubog ng araw sa ika-13 araw.

At ang takbīr na muqayyad naman ay isinasagawa pagkatapos ng mga obligadong pagdarasal (fard).

قال تعالى: ﴿...وَٱذۡكُرُواْ ٱللَّهَ فِيٓ أَيَّامٖ مَّعۡدُودَٰتٖۚ﴾ [البقرة:٢٠٣]

“At inyong alalahanin ang Allah sa loob ng mga [itinakdang] bilang na araw.”

Sinabi ni Ibn ‘Abbas (nawa’y kalugdan silang dalawa ng Allah): “Ang mga [itinakdang] bilang na araw ay ang mga Araw ng Tashriq.”[2]

وعن نُبَيْشَةَ الْهُذَلِيِّ ﷺ، أن النبي ﷺ قال: (أَيَّامُ التَّشْرِيقِ أَيَّامُ أَكْلٍ وَشُرْبٍ وَذِكْرٍ لِلَّهِ) رواه مسلم.

Mula kay Nubayshah Al-Hudhali (nawa’y kalugdan siya ng Allah), na ang Propeta ﷺ ay nagsabi: “Ang mga Araw ng Tashriq ay mga araw ng pagkain, pag-inom, at pag-alaala sa Allah.” Isinalaysay ito ni Muslim.[3]

Sinabi ni Ibn Rajab: “May pahiwatig dito na ang pagkain at pag-inom sa mga araw ng ‘Eid ay upang makatulong sa pag-alaala sa Allah at sa pagsunod sa Kanya—at ito ay bahagi ng ganap na pagpapasalamat sa biyaya.”[4]

Kaya ipinagbabawal ang pag-aayuno sa mga Araw ng Tashriq, maliban sa nagsasagawa ng Hajj na hindi nakahanap ng maiaalay na hady para sa tamattu‘ o qiran—maaari siyang mag-ayuno sa mga araw na ito.

فعن عائشة وابن عمر رضي الله عنهما قال: (لَمْ يُرَخَّصْ فِي أَيَّامِ التَّشْرِيقِ أَنْ يُصَمْنَ إِلَّا لِمَنْ لَمْ يَجِدْ الْهَدْيَ) رواه البخاري.

---

1 Sharh Sahih Muslim ni Al-Nawawi (8/17).

2 Isinalaysay ni Al-Bukhari sa kanyang Sahih bago ang hadith bilang (969).

3 Sahih Muslim (1141).

4 Lata’if al-Ma‘arif ni Ibn Rajab, pahina 291.

Mula kina ‘Aishah at Ibn ‘Umar (nawa’y kalugdan sila ng Allah), sinabi nila: “Hindi pinahintulutan ang pag-aayuno sa mga Araw ng Tashriq maliban sa sinumang walang nahanap na hady.” (Isinalaysay ito ni Al-Bukhari).[1]

At kabilang sa dapat ipaalaala na ang mga Araw ng Tashriq kasama ang Araw ng ‘Eid ay apat na araw—lahat ng ito ay mga araw ng pagkatay ng mga udhiyah. Pinahihintulutan ang pagkatay sa mga ito sa araw man o gabi, at nagtatapos ang oras ng pagkatay sa paglubog ng araw sa ika-13 araw. At ito ang fatwa ng Permanenteng Komite sa Pagpapalabas ng Fatwa[2].

فعن جبير بن مطعم ﷺ، عن النبي ﷺ أنه قال: (كُلُّ مِنًى مَنْحَرٌ، وَكُلُّ أَيَّامِ التَّشْرِيقِ ذَبْحٌ) رواه أحمد وابن حبان والبيهقي واللفظ له، وصححه الألباني.

Mula kay Jubayr bin Mut‘im (nawa’y kalugdan siya ng Allah), na ang Propeta ﷺ ay nagsabi: “Ang buong Mina ay lugar ng pagkatay, at ang lahat ng Araw ng Tashriq ay mga araw ng pagkatay.” Isinalaysay ito nina Ahmad, Ibn Hibban, at Al-Bayhaqi—at ito ang kanyang pananalita—at pinatunayang sahih ni Al-Albani.[3]

Nagkomento si Al-Shawkani: Na ang salitang “mga araw” ay tumutukoy sa kabuuan ng mga araw at gabi, na nagpapahiwatig na pinahihintulutan ang pagkatay kahit sa gabi.[4]

O Allah, gawin Mo kaming kabilang sa mga nag-aalaala sa Iyo, sumusunod sa Sunnah at nananatili rito. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.

1 Sahih Al-Bukhari (1859), at tingnan: Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Ikalawang Koleksyon (9/292–293).

2 Tingnan: Mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksyon (22/464).

3 Musnad Ahmad (16797), Sahih Ibn Hibban (3854), Sunan Al-Bayhaqi (10525)—at ito ang pananalita—at Sahih Al-Jami‘ ni Al-Albani (4537).

4 Tingnan: Nayl al-Awtar ni Ash-Shawkani (5/149).

Ikalabindalawang Aralin: Ang Paaralan ng Hajj

Papuri ay sa Allah—dakila ang Kanyang kapangyarihan at laganap ang Kanyang kabutihan. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa kay Muhammad, Kanyang alipin at Sugo na nag-aanyaya sa Kanyang kaluguran. At pagkatapos:

Sa Iyo ang aking layon, O Panginoon ng Bahay at ng Bato (al-hajar al-aswad)…
Ikaw ang aking hinihiling sa aking Hajj at sa aking Umrah.
Ang pagkilala sa Iyo ang aking ‘Arafah, at ang Mina ay Iyong mga biyaya… at ang aking pagtayo ay pagtayo na may takot at pag-iingat.
Sa Iyo ang aking sa‘i, ang aking tawaf, at ang pananatili sa Muzdalifah… at ang alay ko ay ang aking sarili na pumapalit sa anumang iaalay.
At ang Masjid al-Khayf ay ang aking takot sa paglayo sa Inyo…
At ang aking mash‘ar at ang aking pananatili ay ang aking pangamba kapag ako’y malayo sa Inyo.
Ang aking baon ay ang aking pag-asa sa Inyo, at ang pananabik ang aking sasakyan…
At ang aking tubig ay mula sa aking mga luha, at ang pag-ibig ang aking paglalakbay.

Oo—ito ang mga bakas ng mga nagsagawa ng Hajj at ang kanilang mga alaala. Kaya’t Luwalhati sa Kanya—sa Kanyang Bahay sila'y dinala, sa Kanyang bakuran sila'y pinatuloy, sa Kanyang Haram sila'y hinatid, sa mga dakilang pook na iyon sila'y pinanatili, at sa pamamagitan ng dakilang pag-alaala at mga panalangin sila'y itinaas. Tunay, tinipon ng Allah ang lahat ng kabutihan para sa kanila.

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ [الحج:٢٨].

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Kabilang sa pinakadakilang pakinabang ng Hajj ay ang pagpapatibay ng *tawḥīd*—ang ganap na kaisahan ng Allah—na malinaw na makikita sa mga dakilang sagisag nito:

Sa talbiyah: *“Labbayk Allahumma labbayk, labbayka la sharika laka labbayk, innal-ḥamda wan-ni‘mata laka wal-mulk, la sharika lak.”* (Ipinapahayag dito ang ganap na pagsuko at kaisahan ng Allah.), **Sa du‘ā’ sa Ṣafā at Marwah:** *“La ilaha illa Allah waḥdahu la sharika lah, lahul-mulk wa lahul-ḥamd, yuḥyī wa yumīt wa huwa ‘ala kulli shay’in qadīr. La ilaha illa Allah waḥdah, naṣara ‘abdah, wa anjaza wa‘dah, wa hazamal-aḥzāba waḥdah.”*, **At sa pinakamainam na du‘ā’ sa Araw ng ‘Arafah:** *“La ilaha illa Allah waḥdahu la sharika lah, lahul-mulk wa lahul-ḥamd, yuḥyī wa yumīt wa huwa ‘ala kulli shay’in qadīr.”* **Ang tawḥīd ang pinakadakilang layunin at pinakapangkalahatang mithiin.** Ang sinumang

pinagtibay ang kaisahan ng Allah ay maliligtas, At sinumang kumapit sa iba bukod sa Kanya—sa mga katambal, sa mga patay, sa mga libingan, at iba pa—ay tunay na naligaw.

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Kabilang din sa mga pakinabang na ito ay ang pagdakila sa mga sagisag ng Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbawal, gaya ng sinabi Niya:

﴿ذَٰلِكَ وَمَن يُعَظِّمْ شَعَـٰٓئِرَ ٱللَّهِ فَإِنَّهَا مِن تَقْوَى ٱلْقُلُوبِ﴾ [الحج:٣٢]

"Iyan nga [iyon]. At sinuman ang dumakila sa mga sagisag [o ritwal] ng Allah, katotohanan, ito ay nagmula sa kabanalan [o kalinisan] ng mga puso."

Dahil dito, itinatagubilin ang mga gawaing nagpapakita ng pagdakila sa mga sagisag, tulad ng: pagligo at pagpapabango bago mag-ihram, pagpaparami ng talbiyah at pagpalakas ng tinig dito, pananatili sa 'Arafah at sa Muzdalifah, at paninirahan sa Mina. Ang lahat ng ito ay upang ipakita ang pagdakila sa mga sagisag ng Allah—isang tanda ng tunay na taqwa (pagkatakot) sa puso.

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Kabilang sa mga pakinabang na ito ay ang pagpapahayag ng paglayo (bara'ah) mula sa mga mushrik at ang pagsalungat sa kanila, na malinaw na ipinahayag ng Propeta ﷺ sa salita at gawa. Tungkol sa kanyang salita: nang ipahayag niya ito nang malinaw habang nagbibigay ng khutbah sa 'Arafah…

(أَلَا كُلُّ شَيْءٍ مِنْ أَمْرِ الْجَاهِلِيَّةِ تَحْتَ قَدَمَيَّ مَوْضُوعٌ)

"Tunay na ang lahat ng bagay mula sa mga gawain ng Jahiliyyah ay inilagay ko sa ilalim ng aking mga paa (ibig sabihin: pinawalang-bisa at winakasan)."[1]

At tungkol naman sa kanyang ginawa: nang siya ay tumayo (nanatili) sa 'Arafah—samantalang ang mga Quraysh sa panahon ng Jahiliyyah ay tumatayo at nananatili sa Muzdalifah— At umaalis sya mula sa Muzdalifah bago sumikat ang araw bilang pagsalungat sa kanila. Ito ang Ummah ng Islam, at ito ang katayuan nito: maging sinusundan, hindi sumusunod; maging nangunguna, hindi pinangungunahan; at maging natatangi sa kanyang mga batas at mga sagisag.

1 Sahih Muslim (1218)

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Kabilang sa mga pakinabang na ito ay ang pagsasanay ng sarili sa madalas na pagpapakumbaba, pakikipag-usap sa Allah, at panalangin (du'ā').

Pagmasdan ninyo—nawa'y kaawaan kayo ng Allah: sa *ṭawāf* ay may panalangin, sa Ṣafā at Marwah ay may panalangin, sa 'Arafah ay mahaba ang pagsusumamo at panalangin, sa Muzdalifah ay panalangin, at sa pagitan ng mga jamarāt ay panalangin. Ang lahat ng ito ay upang sanayin ang sarili sa panalangin at kumapit at lumapit sa Lumikha ng lupa at kalangitan.

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Kabilang sa mga pakinabang na ito ay ang **pagsasanay sa ganap na pagsuko at pagtalima (taslīm at inqiyād).** Ang sagisag ng mananampalataya ay:

﴿سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا﴾ [النور:٥١]
"Narinig namin at sumunod kami."

Sa Allah—Luwalhati sa Kanya—ang ganap na pagsuko, kahit hindi maabot ng isipan ang karunungan ng Kanyang mga kautusan.

Kaya ang paghalik sa Itim na bato (Al-hajar Al-aswad), ang pagtakbong magaan (ramal) sa paligid ng Ka'bah, ang tawaf at sa'i, at ang pagbato sa mga jamarāt ng pitong beses—lahat ng ito ay may mga karunungang maaaring hindi natin lubos na nalalaman. Ngunit tayo ay sumusuko, sapagkat ito ay batas ng Pinakamaalam na Lumikha, at alam Niya ang mayroon sa Kanyang mga nilikha.

﴿وَمَا أُوتِيتُم مِّنَ الْعِلْمِ إِلَّا قَلِيلًا﴾ [الإسراء: ٨٥]

"At kayo ay hindi binigyan ng kaalaman kundi kaunti lamang."

Ang mga isipan ay nananatiling limitado sa pag-unawa sa karunungan ng Allah sa lahat ng aspeto nito. Kaya tayo ay sumusuko sa *"Sinabi ng Allah"* at *"Sinabi ng Kanyang Sugo"*, at kinikilala natin ang kakulangan ng isipan kapag ito ay sumasalungat sa ganap na patnubay ng Qur'an at Sunnah.

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Sa pag-iisa ng Ummah at sa pagsasakatuparan ng tunay na pagkakapatiran: iisang kasuotan ng ihram, iisang pagtitipon sa isang lugar, at iisang panawagan—lahat

ng ito upang manaig ang pagkakapatiran laban sa nasyonalismo, rasismo, at pagkakampihan.

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Bilang pagpapakita ng kadalian at kaluwagan ng relihiyon: ang Hajj ay obligadong isagawa nang minsan lamang; ang mga uri ng nusuk ay tatlo; pinahihintulutan ang mga mahihina na umalis mula sa Muzdalifah matapos ang hatinggabi; at ang sinumang nagpauna o nagpaliban sa mga gawain sa Araw ng ‘Eid ay walang pagkakasala.

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Sa pagkatuto ng kaayusan at paggalang sa oras at lugar: Ang Hajj ay may mga takdang lugar at oras—mga itinakdang sandali sa pagtayo at pagbato—upang matutunan ng Ummah na ang bawat sandali ng buhay ay **S**iyang mismong buhay ng tao.

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Sa pagtatatag ng pag-alaala sa Allah: ang ṭawāf, sa‘i, pagbato sa mga jamarāt, talbiyah, at takbīr—lahat ng ito ay hindi itinatag maliban upang maitaguyod ang pag-alaala sa Allah.

﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ﴾ — ***upang masaksihan nila ang mga kabutihan o pakinabang para sa kanila.***

Upang kanilang maalaala ang Kabilang-Buhay: sapagkat sa paghuhubad ng ihram para maligo ay naaalala nila ang paghuhubad sa pagpapaligo ng patay; at sa pagsusuot ng ihram ay ang pagsusuot ng kafan (ibinabalot sa patay); at sa pagtitipon sa ‘Arafah ay ang dakilang pagtitipon sa Araw ng Paghuhukom.

At nananatiling maraming kapakinabangan sa Hajj para sa sinumang nag-aalala at kumukuha ng aral, nagmumuni-muni at nag-iisip nang malalim.

O Allah, gawin Mo kaming mga nagmumuni-muni sa karunungan ng Iyong batas, sumusunod dito, at nananatili rito. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.

Ikalabintatlong Aralin: Surah Al-Hajj

O Allah, sa Iyo ang papuri sa umaga at sa hapon. At ako ay humihiling ng pagpapala at kapayapaan para kay Muhammad, Iyong alipin at Sugo, na lubos na nag-ingat sa Qur'an. At pagkatapos:

يقول الله تعالى:﴿يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ٱتَّقُواْ رَبَّكُمۡۚ إِنَّ زَلۡزَلَةَ ٱلسَّاعَةِ شَيۡءٌ عَظِيمٞ (1) يَوۡمَ تَرَوۡنَهَا تَذۡهَلُ كُلُّ مُرۡضِعَةٍ عَمَّآ أَرۡضَعَتۡ وَتَضَعُ كُلُّ ذَاتِ حَمۡلٍ حَمۡلَهَا وَتَرَى ٱلنَّاسَ سُكَٰرَىٰ وَمَا هُم بِسُكَٰرَىٰ وَلَٰكِنَّ عَذَابَ ٱللَّهِ شَدِيدٞ﴾ [الحج: ١-٢]

Sabi ng Allah: "O sangkatauhan, katakutan ninyo ang inyong Panginoon. Katotohanan, ang paglindol sa [Huling] Oras ay isang bagay na kasindak-sindak. (1) Sa Araw na [iyon ay] iyong makikita ang bawa't nagpapasusong ina na naguguluhan [o nalilingat] sa kanyang pinasususong [anak], at bawa't babaing nagdadalantao ay ilalaglag ang kanyang dinadala [sa sinapupunan], at iyong makikita ang mga tao na [wari bang] lasing, samantalang sila ay hindi lasing, sapagka't ang parusa ng Allah ay sadyang matindi."

Hindi ito simula ng Surah Al-Hashr, ni Surah Al-Waqi'ah, ni Surah Al-Qiyamah—ito ay simula ng Surah Al-Hajj at ito ay itinuturing na isa sa mga kahanga-hangang kabanata ng Qur'an. Ibinaba ito sa iba't ibang kalagayan: sa gabi at sa araw, habang naglalakbay at habang nakatira sa isang lugar, sa Makkah at sa Madinah, sa panahon ng kapayapaan at sa panahon ng digmaan. Nilalaman din nito ang mga talatang may *nāsikh* (nagpapawalang-bisa) at *mansūkh* (pinawalang-bisa), pati na ang mga malinaw (*muḥkam*) at mga magkakahawig o malalalim (*mutashābih*) na talata—gaya ng binanggit ni Al-Qurtubi mula kay Al-Ghaznawi (na kaawaan silang dalawa ng Allah).[1]

Ang Surah na ito ay naglalaman ng maraming tagpo at mga talinghaga. Kaya pagnilayan mo ang paglalarawan ng tagpo ng muling pagkabuhay sa simula nito, at pagnilayan mo rin ang tagpo ng kaparusahan para sa mga tumatanggi (kuffar)

﴿فَٱلَّذِينَ كَفَرُواْ قُطِّعَتۡ لَهُمۡ ثِيَابٞ مِّن نَّارٖ يُصَبُّ مِن فَوۡقِ رُءُوسِهِمُ ٱلۡحَمِيمُ (١٩) يُصۡهَرُ بِهِۦ مَا فِي بُطُونِهِمۡ وَٱلۡجُلُودُ (٢٠) وَلَهُم مَّقَٰمِعُ مِنۡ حَدِيدٖ﴾ [الحج:١٩-٢١].

"Kaya, yaong mga di-naniwala ay magkakaroon ng tinabas na damit mula sa Apoy. Sa kanilang ulo ay ibubuhos ang kumukulong tubig. (19) Sa pamamagitan nito ay lulusawin ang anumang nasa loob ng kanilang mga tiyan, at [ng kanilang] mga balat. (20) 21. At para sa kanila ay mga nakasimang bakal [upang sila ay hampasin at wakwakin]."

1 Tingnan: Tafsir ni Al-Qurtubi (12/1).

At pagnilayan mo ang kalagayan ng sinumang nawalan ng pag-asa sa tulong ng Allah

﴿مَن كَانَ يَظُنُّ أَن لَّن يَنصُرَهُ ٱللَّهُ فِي ٱلدُّنۡيَا وَٱلۡأٓخِرَةِ فَلۡيَمۡدُدۡ بِسَبَبٍ إِلَى ٱلسَّمَآءِ ثُمَّ لۡيَقۡطَعۡ فَلۡيَنظُرۡ هَلۡ يُذۡهِبَنَّ كَيۡدُهُۥ مَا يَغِيظُ﴾ [الحج:١٥]

"Sinuman ang mag-aakalang siya [si Muhammad] ay hindi tutulungan ng Allah sa mundong ito at sa kabilang buhay - hayaan siyang magtali ng lubid sa kisame, pagkaraan ay pugtuin [ang kanyang hininga] at hayaan niyang matunghayan [ito]. Ang pagsisikap ba niya ay makapapawi sa anumang ipinagpupuyos ng [kanyang] galit?"

At pagnilayan mo ang kalagayan ng sinumang nagtatambal sa Allah (shirk)

﴿وَمَن يُشۡرِكۡ بِٱللَّهِ فَكَأَنَّمَا خَرَّ مِنَ ٱلسَّمَآءِ فَتَخۡطَفُهُ ٱلطَّيۡرُ أَوۡ تَهۡوِي بِهِ ٱلرِّيحُ فِي مَكَانٖ سَحِيقٖ﴾ [الحج:٣١]

"At sinuman ang magtatambal sa Allah - ito ay wari bang siya ay nahulog mula sa langit, at siya ay dinagit ng mga ibon at siya ay ipinadpad ng hangin sa malayong [liblib na] pook."

At tungkol naman sa tagpo ng mga bayang mapang-api—ito ay isang napakatumpak na paglalarawan.

﴿فَكَأَيِّن مِّن قَرۡيَةٍ أَهۡلَكۡنَٰهَا وَهِيَ ظَالِمَةٞ فَهِيَ خَاوِيَةٌ عَلَىٰ عُرُوشِهَا وَبِئۡرٖ مُّعَطَّلَةٖ وَقَصۡرٖ مَّشِيدٍ﴾ [الحج: ٤٥]

"Kaya, ilang bayan na ba ang Aming winasak habang ito ay gumagawa ng mga kamalian - kaya ito [ngayon] ay nahulog sa pagkaguho – at [ilan na ba] ang mga iniwang balon at [ilan na bang] mga nagtatayugang palasyo?"

Kaya nararapat sa atin na huminto at magmuni-muni sa Surah na ito, at kabilang sa mga pagninilay na ito ay:

Unang Pagninilay:

Ang panawagan sa sangkatauhan na magkaroon ng takot sa Allah—Luwalhati sa Kanya—at ang pagbibigay-babala sa kanila tungkol sa lindol ng Oras (Araw ng Paghuhukom), kung saan ang tagpo ay inilalarawan sa isang nakakatakot at nakapanghihilakbot na paraan.

﴿يَوۡمَ تَرَوۡنَهَا تَذۡهَلُ كُلُّ مُرۡضِعَةٍ عَمَّآ أَرۡضَعَتۡ وَتَضَعُ كُلُّ ذَاتِ حَمۡلٍ حَمۡلَهَا وَتَرَى ٱلنَّاسَ سُكَٰرَىٰ وَمَا هُم بِسُكَٰرَىٰ وَلَٰكِنَّ عَذَابَ ٱللَّهِ شَدِيدٞ﴾ [الحج:٢]

"Sa Araw na [iyon ay] iyong makikita ang bawa't nagpapasusong ina na naguguluhan [o nalilingat] sa kanyang pinasususong [anak], at bawa't babaing nagdadalantao ay ilalaglag ang kanyang dinadala [sa sinapupunan], at iyong makikita ang mga tao na [wari bang] lasing, samantalang sila ay hindi lasing, sapagka't ang parusa ng Allah ay sadyang matindi."

Pagkatapos ay inilalahad nito ang mga patunay ng pagkabuhay muli mula sa mga yugto ng paglikha ng tao bilang isang sanggol sa sinapupunan, at mula sa buhay ng mga halaman

﴿ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلۡحَقُّ وَأَنَّهُۥ يُحۡيِ ٱلۡمَوۡتَىٰ وَأَنَّهُۥ عَلَىٰ كُلِّ شَيۡءٖ قَدِيرٞ ٦ وَأَنَّ ٱلسَّاعَةَ ءَاتِيَةٞ لَّا رَيۡبَ فِيهَا وَأَنَّ ٱللَّهَ يَبۡعَثُ مَن فِي ٱلۡقُبُورِ﴾ [الحج:٦-٧]

"Iyan ay sa dahilang ang Allah ay Siyang Katotohanan, at sapagka't Siya ang naggagawad ng buhay sa patay, at katotohanang Siya ang may kakayahang gawin ang lahat ng bagay. (6) At [upang kanilang malaman na] ang Oras ay darating - walang alinlangan tungkol dito – at tunay ngang bubuhaying muli ng Allah ang mga nasa libingan."

Ikalawang Pagninilay :Ito ay tungkol sa kasaysayan ng dakilang ritwal na ito (Hajj), nang utusan ng Allah ang Kanyang Propeta at Kaibigan (Khalil) na si Ibrahim—sumakanya ang kapayapaan

﴿وَأَذِّن فِي ٱلنَّاسِ بِٱلۡحَجِّ يَأۡتُوكَ رِجَالٗا وَعَلَىٰ كُلِّ ضَامِرٖ يَأۡتِينَ مِن كُلِّ فَجٍّ عَمِيقٖ﴾ [الحج: ٢٧]

"At ipanawagan mo sa sangkatauhan ang [kahalagahan ng] Hajj; sila ay darating sa iyong nakayapak at nakasakay sa bawa't kamelyo, at sila ay magsisirating mula sa bawa't [matatarik at] malalayong daan"

At kapansin-pansin sa nagmumuni-muni sa pagninilay na ito ang matinding pagbibigay-diin sa kadakilaan ng tawḥīd (kaisahan ng Allah).

﴿فَٱجۡتَنِبُواْ ٱلرِّجۡسَ مِنَ ٱلۡأَوۡثَٰنِ وَٱجۡتَنِبُواْ قَوۡلَ ٱلزُّورِ ٣٠ حُنَفَآءَ لِلَّهِ غَيۡرَ مُشۡرِكِينَ بِهِۦۚ﴾ [الحج: ٣٠-٣١]

"Kaya inyong layuan ang dungis ng mga diyus-diyusan, at inyong iwasan ang pananalitang walang katotohanan [pagsaksi ng walang katotohanan] (30) Hunafaa liLLAH [mga tuwirang sumasamba sa Allah], nang walang pagtatambal [ng anupaman] sa Kanya."

Pagkatapos ay dumarating ang Ikatlong Pagninilay :Isang pagpapagaan at pagpapalakas ng puso ni Propeta Muhammad ﷺ at ng kanyang mga tagasunod mula sa mga nangangaral na nagsisikap,

﴿وَإِن يُكَذِّبُوكَ فَقَدۡ كَذَّبَتۡ قَبۡلَهُمۡ قَوۡمُ نُوحٖ وَعَادٞ وَثَمُودُ ٤٢ وَقَوۡمُ إِبۡرَٰهِيمَ وَقَوۡمُ لُوطٖ ٤٣ وَأَصۡحَٰبُ مَدۡيَنَۖ وَكُذِّبَ مُوسَىٰۖ فَأَمۡلَيۡتُ لِلۡكَٰفِرِينَ ثُمَّ أَخَذۡتُهُمۡۖ فَكَيۡفَ كَانَ نَكِيرِ﴾ [الحج: ٤٢-٤٤]

"At kung ikaw [O Muhammad] ay kanilang itakwil – ganyan din ang mga nauna sa kanila - ang mga mamamayan ni Noah, ang [mamamayan ng] 'Aad at [Tribu] ng Thamud ay nagtakwil [sa kanilang mga propeta] (42) At ang mga mamamayan ni Abraham at mamamayan ni Lot (43) At ang mga naninirahan sa Midyan [Midian]. At [kanilang] itinakwil si Moises, kaya Aking

pinahaba ang kasiyahan para sa mga di-naniniwala, pagkaraan sila ay Aking hinablot at sadyang kasindak-sindak ang Aking parusa."

At ang ikaapat at huling pagninilay ay naglalaman ng pangako ng Allah na tutulungan Niya ang sinumang inaapi—na Kanyang ipagtatanggol laban sa pang-aapi. Pagkatapos ng pangakong ito ay inilalahad ang mga patunay ng Kanyang kapangyarihan sa mga pahina ng sansinukob—mga tanda na nagpapakita ng Kanyang ganap na lakas at karunungan. Pagkatapos ay nagbibigay Siya ng isang halimbawa at nag-uutos na ito ay pakinggan.

﴿يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ضُرِبَ مَثَلٞ فَٱسۡتَمِعُواْ لَهُۥٓۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ تَدۡعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ لَن يَخۡلُقُواْ ذُبَابٗا وَلَوِ ٱجۡتَمَعُواْ لَهُۥۖ وَإِن يَسۡلُبۡهُمُ ٱلذُّبَابُ شَيۡـٔٗا لَّا يَسۡتَنقِذُوهُ مِنۡهُۚ ضَعُفَ ٱلطَّالِبُ وَٱلۡمَطۡلُوبُ﴾ [الحج: ٧٣-٧٤]

"O sangkatauhan, isang paghahalintulad [o halimbawa] ang inilahad [para sa inyo], kaya inyong pakinggan [at inyong unawain] ito. Katotohanan yaong inyong mga tinatawagan [at dinadalanginan] bukod sa Allah ay hindi kailanman makalilikha [ng kahit] isang langaw, kahit sila ay magsama-sama para rito [sa gayong layunin]. At kung ang langaw ay mang-agaw ng isang [maliit na] bagay mula sa kanila, hindi nila magagawang bawiin ito mula sa kanya [sa langaw]. Mahihina ang mga naghahanap [diyus-diyusan] at ang hinahanap [ang langaw]. (73) Hindi nila nagawang pahalagahan ang Allah sa totoong pagpapahalagang nararapat [iukol para sa Kanya]. Katotohanan, ang Allah ang Malakas, Ganap na Makapangyarihan."

Allahu Akbar! Kay laki ng kapayapaang pinupuno ng talatang ito sa puso ng mananampalataya—upang siya ay lubos na magtiwala sa kanyang Panginoon sa lahat ng bagay .Sapagkat Siya—Luwalhati sa Kanya—ang Malakas, ang Makapangyarihan, at Siya ang Ganap na Dakila at Karapat-dapat sa papuri.

O Allah, gawin Mo kaming kabilang sa mga tao ng Qur'an, itaas Mo kami at gawin mo kaming may pakinabang sa pamamagitan ng Qur'an. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin) at patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.